

**ESTILO SA PAGTUTURO AT PAG-AARAL NG WIKANG FILIPINO NG MGA
MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG**

Isang Tesis
Iniharap sa
Kaguruan ng Kolehiyo ng Gradwadong Pag-Aaral
SAMAR COLLEGE
Lungsod ng Catbalogan

Bilang Bahagi ng mga
Gawaing Itinakda para sa Degring
MASTER SA SINING NG EDUKASYON
(Filipino)

RIZA N. JAKOALEM

Abril 2020

DAHON NG PAGPAPATIBAY

Bilang pagtupad sa gawaing itinakda para sa digring Master sa Sining ng Edukasyon, Medyor sa Filipino; itong tesis na Pinamagatang, "**ESTILO SA PAGTUTURO AT PAG-AARAL NG WIKANG FILIPINO BG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG**", na inihanda at iniharap ni **Riza N. Jakosalem** na pumasa sa Komprehensibong Pagsusulit ay itinagubilin para sa isang Pasalitang Pagsusulit.

CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD
Guro sa Gradwadong Pag-aaral
Tagapayo

Pinagtibay ng Komite ng Pasalitang Pagsusulit noong **Abril 25, 2020** na may markang **PASADO**.

NIMFA T. TORREMORO, PhD
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Tagapangulo

IMELDA M. UY, EdD
Pansangay na Tagamasid
Kagawaran ng Edukasyon, Sangay
ng Lungsod ng Catbalogan
Miyembro

GUILLERMO D. LAGBO, DPA
Guro, Kolehiyo ng Gradwadong
Pag-aaral, Dalubhasa sa
Estadistika
Samar College
Miyembro

ROSARIO E. RESMA, MAEd
Guro, Gradwadong Pag-aaral ng
Samar College
Miyembro

ALLAN L. DACLES, MAEd
Guro, Gradwadong Pag-aaral ng
Samar College
Miyembro

Tinanggap bilang bahagi ng mga gawaing itinakda para sa degring **MASTER SA SINING NG EDUKASYON**, midyur sa Filipino.

NIMFA T. TORREMORO, PhD
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

Petsa ng Pasalitang Pagsusuri

Abril 25, 2020

PAGKILALA

Ang mananaliksik ay nais na maipahayag ang taos pusong pasasalamat sa mga taong naging tulay upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Kay **Dr. Carmelita C. Abdurahman**, Guro sa Gradwadong Pag-aaral, sa paghikayat sa mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral na ito, sa pagtulong sa pagsasalin sa wikang Filipino ng talatanungan, at sa pagrebisa sa manuskrito, lalo na sa pagbabaybay ng mga salita at gramatika bilang Tagapayo.

Kay **Dr. Nimfa T. Torremoro**, Dekana ng Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan, sa lahat ng karunungan naibahagi sa mananaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang mungkahi bilang Tagapangulo sa Pasalitang Pagsusulit.

Kay **Dr. Imelda I. Uy**, **Dr. Guillermo D. Lagbo**, **Gng. Rosario E. Resma**, at **G. Allan L. Dacles** sa lahat ng kanilang pagsusumikap na maisaayos ang pananaliksik sa aspetong teknikal at pangnilalaman bilang mga miyembro ng pasalitang pagsusulit.

Kay **Dr. Carmela R. Tamayo**, Tagapamahala ng Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, sa pagbibigay ng pahintulot na maisagawa ang pag-aaral sa Silanga National High School, Lungsod ng Catbalogan.

Kay **G. Rhum Bernate**, Punongguro ng Silanga National High School sa kanyang buong pusong pagtanggap sa paghingi ng pahintulot ng mananaliksik na maipamigay ang mga talatanungan sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang at sa mga gurong nagtuturo ng Filipino.

Kay **Dr. Guillermo D. Lagbo** sa kanyang pagbibigay ng kwantitatibong pag-aanalisa bilang tagapaglapat estadistika.

Sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang at sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa Silanga National High School, sa oras na ibinigay at sa tiyaga sa pagsagot sa mga talatanungan na nagsilbing mga datos para sa pag-aaral na ito.

Kay **Gng. Veronica N. Jakosalem**, ang nanay ng mananaliksik, sa kanyang inspirasyon na maipagpatuloy ang pag-aaral na ito sa kabila ng mga pagsubok na dumating sa buhay habang isinasagawa ang pag-aaral.

Sa **Poong Maykapal** sa lahat ng kanyang aral tungkol sa pagpapakumbaba, sa pagbibigay ng pagmamahal, at sa pagbibigay ng pag-unawa sa kapwa sa panahon ng kahirapan at kaguluhan lalo na sa panahong isinasagawa ang pananaliksik na ito.

R.N.J.

PAGHAHANDOG

Sa aking namayapang ama, Robles S. Jakosalem, sa paggabay sa akin upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito;

Sa aking ina, Veronica M. Jakosalem, sa patuloy na pagsuporta sa lahat ng mga plano ko;

Sa aking mga mag-aaral sa Silanga National High School, na patuloy na naniniwala sa kakayahan ko bilang guro;

Maraming Salamat sa inyo at handog ko ang pananaliksik na ito bilang munting regalo para sa kunting kaalaman; at

Sa Poong Maykapal, sa mga biyayang natatanggap, maraming Salamat po!

RIZA

ABSTRAK

Pamagat ng Tesis	:	ANG ESTILO SA PAGKATUTO AT PAG-AARAL NG WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG
May-Akda	:	RIZA N. JAKOSALEM
Wikang Ginamit	:	Filipino
Uri ng Pananaliksik	:	Tesis
Disiplina	:	Filipino
Programa	:	Master sa Sining ng Edukasyon
Buong Titulo ng Degri	:	Master sa Sining ng Edukasyon (Filipino)
Taon ng Pagkompleto	:	Abril 2020
Keywords	:	Estilo sa Pagkatuto Estilo sa Pag-aaral Wikang Filipino Ikapitong Baitang Silanga National High School

Inalam sa pag-aaral na ito ang kaugnayan ng mga estilo sa pagtuturo ng mga guro at estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Silanga National High School, Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2019-2020. Sa katiyakan, nilayon ng pag-aaral na ito na alamin ang profayl ng mga mag-aaral at gurong tagasagot, mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong

tagasagot, at mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral na tagasagot.

Tinuos sa pag-aaral na ito kung mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang mga profayl baryet; kung mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang kanilang mga profayl baryet; at kung mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot.

Sa pamamagitan ng mga talatanungan na ibinigay sa 190 mga mag-aaral at 10 mga gurong nagtuturo ng Filipino, napag-alaman sa pag-aaral na ito na ang mga gurong tagasagot ay "madalas" na gumagamit ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ayon sa mga gawaing pang-buong klase ayon sa tamtaman na 3.90; "madalas" pa rin ang kanilang estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ayon sa mga gawaing pang-indibidwal na mag-aaral ayon sa tamtaman na 3.72; at madalas pa rin ang estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ayon sa gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral batay sa tamtaman na 3.61.

Sa karagdagan, ang mga mag-aaral na tagasagot ay "madalas" na gumagamit ng mga estilo ng pag-aaral ayon sa mga

gawaing pangbuong klase batay sa tamtaman na 3.64; itinuring ng mga mag-aaral na tagasagot na "minsan" lang ang kanilang paggamit ng estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ayon sa mga gawaing pang-indibidwal na mag-aaral batay sa tamtaman na 3.45; at itinuturing pa rin ng mga mag-aaral na tagasagot na ang estilo sa pag-aaral ayon sa gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral ay minsan nilang gawin batay sa tamtaman na 3.39.

Nakita rin sa pag-aaral na ito na ang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino lamang ang may makabuluhang kaugnayan sa kanilang estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ayon sa gawaing pangbuong klase; ang kasarian at ang kabuuang buwanang kita ng pamilya lamang ang may makabuluhang kaugnayan sa kanilang estilo ng pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral; at ang kabuuang buwanang kita ng pamilya lamang ang may makabuluhang kaugnayan sa kanilang estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ayon sa gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral.

Napatunayan din na sa mga profayl baryet ng mga mag-aaral na tagasagot, ang saloobin sa pagkatuto ng wikang Filipino lamang ang nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa estilo ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino ayon sa gawaing pangbuong klase, gawaing pang-indibidwal at gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral.

Sa panghuli, ang mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ay may kinalaman sa mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

	Pahina
DAHONG PAMAGAT	i
DAHONG PAGPAPATIBAY	ii
PAGKILALA	iii
PAGHAHANDOG	vi
ABSTRAK	vii
TALAAN NG MGA NILALAMAN	x
TALAAN NG MGA TALAHAANAYAN	xiii
TALAAN NG MGA FIGURA	xv

Kabanata

1	ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO	1
	Panimula	1
	Paglalahad ng Suliranin	6
	Mga Ipotesis	8
	Batayang Teyoretikal	8
	Batayang Konseptwal	13
	Kahalagahan ng Pag-aaral	17
	Saklaw at Delimitasyon	19
	Katuturan ng mga Talakay	20
2	PAGSUSURI NG KAUGNAY NA MGA LITERATURA AT PAG-AARAL	24
	Kaugnay na mga Literatura	24
	Kaugnay na mga Pag-aaral	37
3	METODOLOHIYA	48

Disenyo ng Pananaliksik	48
Lokal ng Pag-aaral	50
Instrumentasyon	50
Balidasyon ng Instrumento	53
Paraang Sampling	54
Paglikom ng mga Datos	56
Paglalatapat Estadistika ng mga Datos . . .	57
4 PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS	63
Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot . .	63
Profayl ng mga Gurong Tagasagot	72
Estilo sa Pagtuturo ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot	81
Kaugnayan sa Pagitan ng Estilo sa Pagtuturo ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot at ang Kanilang mga Profayl Baryet	87
Estilo ng Pag-aaral ng mga Mag-aaral na Tagasagot	110
Kaugnayan sa Pagitan ng Estilo sa Pag- aaral ng Wikang Filipino ng mga Mag- aaral na Tagasagot at ang Kanilang mga Profayl Baryet	116
Kaugnayan sa Pagitan ng Estilo sa Pag- aaral ng Wikang Filipino ng mga Mag- aaral na Tagasagot at Estilo sa Pagtuturo ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot	135
Implikasyon ng Pag-aaral	137
5 LAGOM NG KINALABASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON	139

Lagom ng Kinalabasan	139
Mga Konklusyon	142
Mga Rekomendasyon	146
TALASANGGUNIAN	148
MGA APENDIKS	154
A Liham Pagpapatibay ng Panukalang Tesis .	155
B Liham Pagtatalaga ng Tagapayo ng Pananaliksik	156
C Talatanungan para sa mga Mag-aaral na Tagasagot	157
D Talatanungan para sa mga Gurong Tagasagot	164
E Liham Paghingi ng Pahintulot sa Pansangay na Tagamasid ng Sangay ng Lungsod ng Catbalogan	170
F Liham Paghingi ng Pahintulot sa Punong Guro ng Pambansang Paaralan ng Samar .	171
KURIKULUM VITA	172

TALAAN NG MGA TALAHANAYAN

Talahanayan	Pahina
1 Mga Mag-aaral na Tagasagot	55
2 Degri ng Linear Relationship	62
3 Gulang at Kasarian ng mga Mag-aaral na Tagasagot	64
4 Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Tagasagot	66
5 Sanligang Edukasyon ng Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot	67
6 Hanapbuhay ng Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot	68
7 Saloobin ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Pagkatuto sa Wikang Filipino	70
8 Gulang at Kasarian ng mga Gurong Tagasagot	73
9 Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Gurong Tagasagot	74
10 Mataas na Edukasyong Natamo ng mga Gurong Tagasagot	75
11 Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino ng mga Gurong Tagasagot	76
12 Bilang ng Salinkurang Pagsasanay sa Filipino na Dinaluhan ng mga Gurong Tagasagot	77
13 Saloobin ng mga Gurong Tagasagot sa Pagtuturo sa Wikang Filipino	78
14 Estilo sa Pagtuturo ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot ayon sa mga Gawaing Pangbuong Klase	82

15	Estilo sa Pagtuturo ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot ayon sa mga Gawaing Pang-Indibidwal na Mag-aaral	83
16	Estilo sa Pagtuturo ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot ayon sa mga Gawain ng mga Maliliit na Pangkat ng mga Mag-aaral	85
17	Kaugnayan sa Pagitan ng mga Estilo ng Pagtuturo ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot ayon sa Gawaing PangBuong Klase at ang Kanilang Profayl Baryet	88
18	Kaugnayan sa Pagitan ng mga Estilo ng Pagtuturo ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot ayon sa Gawaing Pang-Indibidwal at ang Kanilang Profayl Baryet	95
19	Kaugnayan sa Pagitan ng mga Estilo ng Pagtuturo ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot ayon sa gawain ng Maliliit na Pangkat at ang Kanilang Profayl Baryet	103
20	Estilo sa Pag-aaral ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa mga Gawaing Pangbuong Klase	111
21	Estilo sa Pag-aaral ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa mga Gawaing Pang-Indibidwal na Mag-aaral	112
22	Estilo sa Pag-aaral ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa mga Gawain ng mga Maliliit na Pangkat ng mga Mag-aaral . .	114
23	Kaugnayan sa Pagitan ng mga Estilo ng Pag-aaral ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa Gawaing Pangbuong Klase at ang Kanilang Profayl Baryet	116
24	Kaugnayan sa Pagitan ng mga Estilo ng Pag-aaral ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa Gawaing Pang-Indibidwal at ang Kanilang Profayl Baryet	123

25	Kaugnayan sa Pagitan ng mga Estilo ng Pag-aaral ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa Gawain ng Maliliit na Pangkat at ang Kanilang Profayl Baryet	130
25	Kaugnayan sa Pagitan ng mga Estilo ng Pag-aaral ng mga Mag-aaral na Tagasagot at ang Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro . .	136

TALAAN NG MGA FIGURA

Figura		Pahina
1	Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral . .	14
2	Ang Mapa ng Lokal na Pag-aaral	51

Kabanata 1

ANG SULIRANIN AT ANG SANLIGAN NITO

Panimula

Ang mga guro ay may mahalagang papel sa paghubog sa kakayahan ng mga mag-aaral dahil sila ang instrumento upang matamo ang inaasam na mataas na kalidad na edukasyon. Dahil dito, ang mga guro ay nahaharap sa pagsubok kung paano mas mapapabuti ang pagtuturo. Kung kaya, dapat nilang alamin ang mga salik na may kaugnayan sa pangkalahatang pagtuturo at pagkatuto ng mga taong nasasangkot sa larangan ng edukasyon.

Isinulong ng Batas Republika Bilang 10533 ang K to 12 Kurikulum sa mga paaralan sa buong bansa noong Taong Panuruan 2012-2013. Ang nasabing batas ay bunga ng patuloy na pagsisikap ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) na itulak ang makabuluhan at positibong reporma sa sistemang pang-edukasyon sa bansang Pilipinas. Kaakibat sa pagpapatupad ng bagong kurikulum ay ang pagpapabuti sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto (Gabay Pang-Kurikulum sa K to 12, 2012:2).

Kasabay ng pagbabago ng kurikulum ay ang katanungan kung ano ang epektibong pamamaraan ng pagtuturo. Kung kaya, malaking hamon ang pagtatamo ng mataas na antas ng kagalingan sa paggamit ng epektibong pamamaraan ng pagtuturo sa bagong kurikulum hindi lamang dahil sa kakulangan ng mga kagamitang

pampagtuturo kundi dahil sa kakulangan ng kakayahan lalo na pagdating sa mga estilo sa pagtuturo. Napag-alaman sa kinalabasan ng Public Education Expenditure Tracking and Quantitative Service Delivery Study (PETS-QSDS) na ang kaalaman ng mga guro sa nilalaman ng mga asignaturang itinuturo nila ay mababa. Dahil ang pagtatayang ito ay sumasalamin sa kaugnayan ng kompetensi ng mga guro sa pagtuturo at ang pagbabago ng kurikulum, hindi kataka-taka na mahirapan sila sa pagtuturo sa ilalim ng makabagong kurikulum (World Bank, 2014:1).

Sa katunayan, ipinahiwatig sa isang lokal na kwalitatibong pag-aaral hinggil sa kompetensi ng mga gurong nagtuturo sa ilalim ng K to 12 kurikulum sa mga pampublikong paaralan sa Sangay ng Samar na may mga hamong nakaaapekto sa mga guro sa kanilang pagtuturo kabilang ang kakulangan ng kasanayan sa pagdesinyo ng mga aralin o instruksyon ayon sa mandato ng DepEd, sa pamamahala ng klase upang ito ay maging kaaya-aya at kawili-wili sa lahat ng uri ng mga mag-aaral, at sa pagdesinyo ng kurikulum o banghay aralin na akma sa kakayahan ng mga mag-aaral (Mapatac, 2020:132).

Kaugnay nito, pumukaw sa pansin ng mga opisyal ng DepEd na paigtingin ang pagkuha ng mga gurong may mataas na antas ng kagalingan sa pagtuturo. Ipinapahiwatig nito ang kahalagahan ng pagkakaroon ng tiyak na estilo ng pagtuturo

bilang isang kritikal na aspeto sa pagtatamo ng nasabing layunin (Sarmiento & Orale, 2016:12-23).

Subalit dapat isaalang-alang hindi lamang ang kakayahan sa pagtuturo ng mga guro kundi ang kakayahan ding umunawa ng mga mag-aaral at sa kalaunan ay matuto sa mga aralin. Nasa mga guro pa rin ang pagpapasya sa pamamaraang gagamitin na magiging angkop sa bunga ng pagkatuto na nais niyang makamtan ng kanyang mga mag-aaral at sa kakayahan ng mga mag-aaral na matuto sa asignaturang itinuturo (14 Nobyembre 2019, <http://tradisyunalatmodernongpagtuturo.blogspot.com>).

Kailangang malaman ng mga guro na mayroong sariling kakayahan sa pag-aaral ang bawat isang mag-aaral na kumakatawan sa kanilang pangkalahatang estilo sa pag-aaral. Ayon kay Tenedero (1998:7), ang estilo sa pag-aaral ng isang mag-aaral ay ang paraan ng kanyang pagkatuto na kung saan ay nagagawa niyang mapanatili ang kanyang mga kaalaman. Ang mga estilo sa pag-aaral ay kalimitang naiiba sa karamihan. Kung kaya ang bawat guro ay kailangang mahusay kumilala at mag-oberba sa mga taglay na katangian ng bawat isang mag-aaral.

Ayon kay Van Sciver (2010:534-535), ang mga guro ay nakikisalamuha sa mga mag-aaral na may iba't ibang kakayahan sa loob ng silid-aralan. Ang kalagayang ito ay nagpapahiwatig sa pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral sa kanilang kawilihan at pangangailangang pang-akademiko. Kung kaya dapat malaman ng

mga guro ang tama at mabisang paraan upang matiyak na matututo ang bawat isa sa kanila. Alinsunod nito, kung ang isang guro ay malilinig pa ang estilo niya sa pagtuturo ayon sa estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral ay nagkakaroon ng pagbabago tungo sa pag-unlad ang pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral.

Sa pagsasagawa ng guro ng isang imbentaryo sa estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral ay maiaangkop niya ang mga ito sa estilo ng kanyang pagtuturo. Mahalaga rin na marunong ang mga guro na maisakatuparan ang kanilang mga layunin sa paraang hindi maisasantabi ang kakayahan, kawilihan, at antas ng kahandaan ng mga mag-aaral (Williams, 2012:207).

Sa larangan ng pagtuturo ng Filipino, isa sa mga suliranin ay ang kawalan ng kawilihan ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga akdang sinulat sa Filipino. Sa katunayan, sa Silanga National High School, ang mga mag-aaral sa ikapitong baitang ay nagtala ng mean percentage score (MPS) na 76.49 noong Taong Panuruan 2017-2018 at 77.93 sa Taong Panuruan 2018-2019. Ang nabanggit na mga MPS ay mas mataas kaysa sa itinakdang nasyunal na bahagdan na 75. Ngunit, hindi ito nangangahulugan na titigil na ang mga guro sa pangangalap ng mga estilo sa pagtuturo na makapagbibigay ng mas mataas na antas ng pagkatuto sa mga mag-aaral. Ang isang malungkot na katotohanan ay mayroon pa ring mga guro na hindi mulat sa

lahat ng mga pagbabagong nagaganap sa kapaligiran lalo na sa larangan ng wika upang sumunod sa makabagong estilo o teknik sa pagtuturo ng Filipino (De Juan, 2013:29).

Ayon sa mga nagsusulong sa wikang Filipino, kailangang mas masaya ang pagtuturo nito sa pamamagitan ng pagtuklas ng malikhaing paraan ng pagtuturo lalo na dahil naging maingay ang pagtanggap sa Filipino bilang asignatura sa kolehiyo ayon sa ipinanukala ng Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon (CHED) noong 2013. Naging indikasyon ito na maaaring kinakitaan ng problema ang pag-aaral ng wikang Filipino sa batayang edukasyon na siyang nagtakda upang alisin ito sa kolehiyo (Geronimo, 2015:1).

Kaugnay nito, hinihingi ng nabanggit na sitwasyon na maisakatuparan ang mabisa at mabilis na pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang mga epektibong pamamaraan ng pagtuturo. Sa kasalukuyan, wala pang tuwirang pananaliksik na isinagawa upang matukoy ang kaugnayan ng estilo ng pagtuturo ng mga guro at ang estilo ng pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang sa Silanga National High School.

Sa katunayan, ang mananaliksik bilang guro sa Filipino ay nagtala ng 3.86 na grado sa kanyang Classroom Observation Tool (COT), na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng kagalingan sa pagtuturo ng nasabing asignatura. Subalit hindi ito

dahilan upang hindi magsagawa ng pag-aaral na tataya sa kaugnayan sa pagitan ng estilo sa pagtuturo at sa pag-aaral ng wikang Filipino bilang maliit na hakbang upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral ng wika.

Paglalahad ng Suliranin

Inalam sa pag-aaral na ito ang kaugnayan ng mga estilo sa pagtuturo ng mga guro at estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Silanga National High School, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2019-2020.

Sa katiyakan, nilayon ng pag-aaral na ito na sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sumusunod na mga baryet:

- 1.1 gulang at kasarian;
- 1.2 kabuuang buwanang kita ng pamilya;
- 1.3 sanligang edukasyon ng mga magulang;
- 1.4 hanapbuhay ng mga magulang; at
- 1.5 saloobin sa pagkatuto sa wikang Filipino?

2. Ano ang profayl ng mga gurong tagasagot ayon sa sumusunod na mga baryet:

- 2.1 gulang at kasarian;
- 2.2 kabuuang buwanang kita ng pamilya;
- 2.3 mataas na edukasyong natamo;

2.4 bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino;

2.5 bilang ng salingkurang pagsasanay sa Filipino na dinaluhan; at

2.6 saloobin sa pagtuturo sa wikang Filipino?

3. Ano ang mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa mga sumusunod na indikasyon:

3.1 mga gawaing pangbuong klase;

3.2 mga gawaing pang-indibidwal na mag-aaral; at

3.3 gawain ng mga maliliit na pangkat ng mga mag-aaral?

4. Mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang mga profayl baryet?

5. Ano ang mga estilo ng pag-aaral ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa mga sumusunod na indikasyon:

5.1 mga gawaing pangbuong klase;

5.2 mga gawaing pang-indibidwal na mag-aaral; at

5.3 gawain ng mga maliliit na pangkat ng mga mag-aaral?

6. Mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang kanilang mga profayl baryet?

7. Mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na

tagasagot at ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot?

8. Anong mahalagang implikasyon ang maaaring makuha batay sa kalalabasan ng pag-aaral?

Mga Epotesis

Alinsunod sa mga inilahad na suliranin, ang sumusunod na mga epotesis ay sinubok:

1. Walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang mga profayl baryet.

2. Walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang kanilang mga profayl baryet.

3. Walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot.

Batayang Teoritikal

Ang pag-aaral na ito ay nagnais na malaman ang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga guro at mga estilo sa pag-aaral ng nasabing wika ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, tatlong mahahalagang teorya ang nagsilbing gabay upang lalong maunawaan ang mga suliranin sa

pag-aaral na ito. Ang mga teoryang ito ay ang Multiple Intelligences Theory ni Gardner, Constructivism Learning Theory ni Piaget, at ang Spectrum Theory of Teaching Styles ni Ashworth.

Ang pinakamahalagang teorya sa pag-aaral na ito ay ang Multiple Intelligences Theory ni Gardner (1983:485-503). Ayon sa teorya, ang mga mag-aaral ay nagtataglay ng iba't ibang uri ng katalinuhan. Kabilang sa mga ito ay ang: linguistic intelligence o ang katalinuhang nakabatay sa galing ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang sariling kaisipan; logical and mathematical intelligence o ang katalinuhang naaayon sa kakayahan o kagalingan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga paksang may kaugnayan sa mga numero, siyensya, at iba pa; at musical intelligence o katalinuhang may kaugnayan sa musika.

Sa karagdagan, mayroon ding mga mag-aaral na nagtataglay ng bodily-kinesthetic intelligence o ang kakayahan ng isang mag-aaral na ayusin ang isang suliranin na gamit ang koordinasyon ng kanyang pag-iisip at ang galaw ng kanyang katawan bilang kabuuan; spatial intelligence o ang kakayahan o potensyal ng isang mag-aaral na makilala at magamit ang ugnayan ng mga espasyo; interpersonal intelligence o ang pagbibigay pagpapahalaga sa kakayahan ng isang taong intindihin ang intensyon, motibasyon, o iyong gusto ng ibang

tao; intrapersonal intelligence o katalinuhang may kinalaman sa pagkilala ng isang tao sa kanyang sarili; at naturalist intelligence o kakayahan sa pagkilala, pag-uuri, at pagpapahalaga sa kanilang paligid (Gardner, 1983:485-503).

Ayon sa ideya ng nabanggit na teorya, ang pagtuturo ay makatutulong sa mga mag-aaral na magpahalaga at magtamo ng mga kaparaanan para sa pagpapahayag sa kanilang saloobin, kuro-kuro at damdamin, at sa pagkakaroon ng kasiyahan sa pag-aaral. Ayon kay Tenedero (1998:9-11), ang pagkilala sa iba't ibang kakayahang kognitibo at magkakaibang estilo nito ay ang mismong konsepto ng teorya ni Gardner. Ito ay nagpapahayag na ang isang mag-aaral ay mayroong iba't ibang uri ng katalinuhang maaaring magbunga ng matatalinong gawain.

Samakatwid, ang iba't ibang uri ng katalinuhan ay maaaring sumalamin sa mga pamamaraan kung paano matuto ang isang mag-aaral. Ipinapahayag nito na may mataas na pagkakaiba-iba kung paano matuto ang bawat isang mag-aaral, at ang bawat isa ay mayroong kakaibang kakayahang kognitibo. Dahil dito, ang bawat mag-aaral ay mayroong kahinaan at kalakasan pagdating sa mga estilo sa pag-aaral (Acosta & Acosta, 2016:2435-2450).

Kaugnay nito, hindi makatarungang isipin ng mga guro na ang kanilang mga mag-aaral ay mayroong iisang estilo ng pag-aaral at maaaring maging dahilan upang magtalaga sila ng iisang pamamaraan ng pagtuturo sa mga mag-aaral. Bawat isang

mag-aaral ay gumagamit ng estilo ng pag-aaral na naaayon at akma sa nangingibabaw na katalinuhang kanilang ginagamit. Dito pumapasok ang pangangailangang magkaroon ng kaalaman ang mga guro sa mga istilong ito ng pag-aaral na ginagamit ng kanilang mga mag-aaral upang maiakma nila ang kanilang estilo ng pagtuturo lalo na sa pag-aaral ng wikang Filipino.

Ang pangalawang teoryang pinagbatayan ng pananaliksik ay ang Constructivism Learning Theory ni Piaget (Fox, 2001:23-35). Isinasaad sa teoryang ito na ang pagkatuto ng mga bagong kaalaman ay binubuo ng mga mag-aaral mismo mula sa kanilang nakaraang kaalaman. Ang nakaraang kaalaman ay nakaaaapekto sa kanilang pagbuo ng panibagong mga karanasan sa pagkatuto. Ang konstruktibong iskema ng pagkatuto ay nagpapanukala na ang pagkatuto ay isang aktibong kognitibong proseso. Ang mga mag-aaral ay ang mismong tagagawa ng mga kaalaman. Ang ibig nitong sabihin na ang mga mag-aaral ay aktibong gagawa ng kanilang pansariling paglalarawan ng mga makatuturang layunin ng pag-aaral gamit ang kanilang mga nakaraang natutunan. Alinsunod nito, ang mga mag-aaral ay dumadaan sa iba't ibang yugto ng kognitibong pag-unlad mula sa pinakapayak na aspeto hanggang sa pagtatamo ng pinakakomplikado at kritikal na kognitibong aspeto.

Kailangang malinang ang kognitibong aspeto ng mga mag-aaral at ibigay ang ebidensyang ito mula sa alternatibong

pagtuturo gamit ang iba't ibang uri ng mga pamamaraan o estilo. Kaugnay nito, kailangang masimulan ang pagpansin sa pangangailangan na magkaroon ng iba't ibang estilo ang mga guro bilang pagbibigay ng kahalagahan sa kapakanan ng mga mag-aaral at upang magkaroon ng makahulugan at mabisang pagtuturo (Cooper, 1993:12-19).

Ang ikatlong teorya na nagsilbing matibay na batayan ng isinagawang pag-aaral ay ang Spectrum Theory of Teaching Styles ni Ashworth (1992:90-101). Inilalahad ng teorya na ang mga pag-uugali sa pagtuturo ng mga guro ay isang kadenang binubuo ng mahahalagang desisyon, kung kaya ang bawat makabagong pamamaraan ng pagtuturo ay resulta ng nakaraang desisyon hinggil dito. Mayroong dalawang kakayahang sumasalamín sa struktura ng pagtuturo na ginagamit ng mga guro, ang kakayahang reproduksyon at ang kakayahang produksyon. Ang bawat isang tao ay may likas na kakayahang makagawa ng mga kaalaman at magkaroon ng mga kasanayan. Dahil dito, ang bawat isang guro ay may kakayahang makagawa ng malawak na saklaw ng mga pamamaraan ng pagtuturo.

Ayon dito, mayroong mga estilo sa pagtuturo kabilang ang command, practice, reciprocal, self-check, inclusion, guided discovery, convergent discovery, divergent discovery, learner-designed individual program, learner-initiated, at self-teaching na kumakatawan sa mga pagpipiliang estilo ng

pagtuturo na nagpapatunay ng kakayahan sa pagbuo ng mga kaalaman at impormasyon ng mga guro. Ang desisyon ng mga guro na gumamit ng tiyak na estilo ay nakaaapekto sa paghubog o pagpapaunlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa ilalim ng iba't ibang kakaibang karanasan sa pagkatuto. Ang bawat estilo ng pagtuturo ay nagpakita ng kakaibang layunin na dapat matamo ng bawat mag-aaral. Samakatuwid, ang bawat estilong ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ay nakapagbigay ng pagkakataon na makapag-ambag sa kaalaman at pagkatuto ng mga mag-aaral (Bennet, 1978:127-147).

Ang mga nabanggit na teorya sa bahaging ito ay matibay na batayan upang mas maunawaan ang mga inilahad na suliranin sa pag-aaral na ito. Ang mga teoryang ito ay nagbigay ng mas malawak na pag-unawa sa maaaring kaugnayan ng estilo sa pagtuturo ng mga guro at estilo sa pag-aaral o pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa pag-aaral ng wikang Filipino na maaaring hindi maging madali sa lahat.

Batayang Konseptwal

Ang Figura 1 ay nagpapakita ng batayang konseptwal ng pag-aaral na naglalarawan ng mga baryet at ang prosesong ginamit upang maisakatuparan ang mga layunin ng pag-aaral.

Sa pinakaibaba ng iskema ay ang mga mag-aaral at mga guro ng Silanga National High School, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, mga tagasagot sa ginawang pag-aaral.




Figura 1. Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral

Ang ibabang kahon ay iniuugnay sa isang malaking kahon ng isang palasong paitaas. Makikita sa malaking kahon na nilayon ng isinagawang pag-aaral na ilarawan ang mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa mga gawaing pangbuong klase, mga gawaing pang-indibidwal na mag-aaral, at gawain ng mga maliliit na pangkat ng mga mag-aaral.

Sa kabilang dako, inilarawan din ang mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa mga gawaing pangbuong klase, mga gawaing pang-indibidwal na mag-aaral, at gawain ng mga maliliit na pangkat ng mga mag-aaral, na makikita sa maliit na kahon sa ibabang bahagi ng malaking kahon.

Inilarawan din sa pag-aaral na ito ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, at saloobin sa pagkatuto sa wikang Filipino, na makikita sa maliit na kahon sa ibabang kaliwang bahagi ng malaking kahon. Sa karagdagan, ang profayl ng mga gurong tagasagot ay inilarawan din ayon sa kanilang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng salingkurang pagsasanay sa Filipino na dinaluhan, at saloobin sa pagtuturo ng wikang

Filipino, na makikita sa maliit na kahon sa itaas na bahagi sa kaliwa ng malaking kahon.

Ipinahiwatig ng mga palasong nag-ugnay sa mga maliliit na kahon sa loob ng malaking kahon ang korelesyunal na pag-aanalisa upang tayain ang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang mga profayl baryet; sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang kanilang mga profayl baryet; at sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot.

Ang mga kinalabasan at implikasyon ng pag-aaral na ito, na natunghayan sa ikatlong maliit na kahon sa itaas ng malaking kahon, ay naglayong paunlarin ang estilo sa pagtuturo at pag-aaral ng wikang Filipino ng mga guro at mga mag-aaral na makikita sa putol-putol na bilohabang hugis sa pinakatuktok ng iskema.

Ang mga putol-putol na linya sa magkabilang bahagi ng iskema ay nagsilbing fidbak ng kinalabasan ng pag-aaral mula sa ikatlong kahon sa itaas patungo sa mga guro at mag-aaral sa ikapitong baitang ng Silanga National High School sa pinakaibabang kahon.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay makakatulong sa mga mag-aaral, mga guro, mga tagapamahala ng paaralan, mga matataas na opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon, mga tagapagsulong ng wikang Filipino, at mga mananaliksik.

Sa mga Mag-aaral. Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magbibigay ng kaalaman hinggil sa mga estilo sa pag-aaral at pagkatuto ng wikang Filipino na palagiang ginagamit ng mga mag-aaral. Dahil dito, mas mabibigyang-pansin ng mga mag-aaral ang pagpapaunlad ng mga tiyak na estilong magagamit nila upang mas maging epektibo ang kanilang pag-aaral at pagkatuto sa wikang Filipino. Sa pamamagitan nito, makakamit ng mga mag-aaral ang mataas na antas ng kakayahan sa wikang Filipino.

Sa mga Guro. Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magbibigay sa mga guro ng dalawang mahahalagang bagay. Una, malalaman nila ang kanilang mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino. Sa pamamagitan nito, makakagawa sila ng epektibong disenyo ng pagtuturo ayon sa estilo kung saan sila ay komportable at may mataas na kakayahan. Pangalawa, matitiyak ng mga guro ang mga indibidwal na estilo sa pag-aaral o pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Kaugnay nito, maiaakma o matutugunan nila ang pangangailangan ng mga mag-aaral ayon sa estilo ng pag-aaral o pagkatuto ng mga ito. Sa

karagdagan, makakagawa ng disenyo ng pagkatuto na angkop ang estilo o pamamaraan ng pagtuturo ng wikang Filipino sa mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Sa mga Tagapamahala ng Paaralan. Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay malaking tulong sa mga tagapamahala ng paaralan na magkaroon ng matibay na ebidensya hinggil sa iba't ibang estilo sa pagtuturo at pag-aaral ng mga guro at mga mag-aaral. Malalaman ng mga tagapamahala ang mga maaaring gawin upang mas mapa-unlad ang mga nasabing estilo at maging daan tungo sa mas epektibong pagkatuto ng wikang Filipino. Magsisilbing batayan sa pagsagawa ng isang disenyong pang-wika sa Filipino para sa antas sekundarya batay sa mga estilo sa pagtuturo at pag-aaral ang mga matataya sa pag-aaral na ito.

Sa mga Matataas na Opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magbibigay-linaw sa mga matataas na opisyal ng DepEd hinggil sa estilo sa pagtuturo at pag-aaral ng mga guro at mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, ang mga matataas na opisyal ng DepEd ay makakagawa ng isang panukala hinggil sa mga salingkurang pagsasanay na magpapayabong sa mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga guro. Magkakaroon din sila ng ideya kung anong mga gawaing pang-akademiko ang maaaring ilunsad sa paggunita ng Buwan ng Wika sa Agosto ng

bawat taong panuruan na lilinang sa kakayahan sa wika ng mga mag-aaral ayon sa kanilang mga estilo ng pag-aaral.

Sa mga Tagapagsulong ng Wikang Filipino. Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magpapatibay sa desisyon ng mga tagapagsulong ng wikang Filipino na gumawa ng mga panukala hinggil sa kagandahan ng nasabing wika bilang midyum ng pag-aaral at bilang isang asignatura.

Sa mga Mananaliksik. Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa mga mananaliksik na magsagawa ng mga kahalintulad na pag-aaral sa ibang paaralang at sa ibang sangay.

Saklaw at Delimitasyon

Inalam sa pag-aaral na ito ang kaugnayan ng mga estilo sa pagtuturo ng mga guro at estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Silanga National High School, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan.

Ang estilo sa pagtuturo at sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot ayon sa mga gawaing pangbuong klase, mga gawaing pang-indibidwal na mag-aaral, at gawain ng mga maliliit na pangkat ng mga mag-aaral ay tinaya sa pag-aaral na ito.

Ang pag-aaral na ito ay linahukan ng 190 mga mag-aaral at 10 mga gurong nagtuturo ng Filipino. Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Taong Panuruan 2019-2020.

Katuturan ng mga Talakay

Ang sumusunod na mga salita ay binigyang konseptwal at operasyunal na kahulugan upang lalong maunawaan ng mga tagapagbasa ng pananaliksik na ito.

Classroom Observation Tool (COT). Ang salitang ito ay tumutukoy sa isang papel gamit sa pag-oobserba sa isang guro sa kanyang pagtuturo batay sa mga itinakdang aspeto o domains ng Kagawaran ng Edukasyon (<https://www.ceap.org.ph>, Marso 21, 2020). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay ginamit sa parehong konteksto kung paano ito binigyang konseptwal na kahulugan.

Estilo sa Pag-aaral. Ito ay tumutukoy sa paraan ng pagkatuto ng isang mag-aaral kung saan ay nagagawa niyang mapanatili ang kanyang kaalaman (Tenedero, 1998:7). Sa pag-aaral na ito ay ginamit upang tukuyin ang mga pamamaraang ginagamit ng mga mag-aaral na tagasagot upang matutunan ang wikang Filipino batay sa Teaching Style Analysis Questionnaire at Learning Style Preference Questionnaire ni Petty (2014) ayon sa mga gawaing pangbuong klase, mga gawaing pang-indibidwal na mag-aaral, at gawain ng mga maliliit na pangkat ng mga mag-aaral.

Estilo ng Pagtuturo. Ito ay tumutukoy sa mga estilo ng pagtuturo ng mga guro batay sa kanilang pilosopiya sa edukasyon, demograpiko ng kanilang silid-aralan, mga paksang itinuturo, at ang mismong misyon ng paaralan (Unibersidad ng

Corcodia-Portland, 2017:1). Sa pag-aaral na ito, ginamit ang salitang ito upang tukuyin ang mga pamamaraang ginagamit ng mga guro tagasagot upang matutunan ang wikang Filipino batay sa Teaching Style Analysis Questionnaire at Learning Style Preference Questionnaire ni Petty (2014) ayon sa mga gawaing pang-buong klase, mga gawaing pang-indibidwal na mag-aaral, at gawain ng mga maliliit na pangkat ng mga mag-aaral.

Mean Percentage Score (MPS). Ang salitang ito ay tumutukoy sa bahagdan batay sa kinalabasang bilang ng mga tamang sagot sa kabuuang bilang ng aytem sa isang pagsusulit (<https://www.ceap.org.ph>, Marso 21, 2020). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay ginamit sa parehong konteksto kung paano ito binigyang konseptwal na kahulugan.

Mga Gawain ng mga Maliliit na Pangkat ng mga Mag-aaral.

Ito ay tumutukoy sa isa sa mga tiyak na indikasyon ng mga pamamaraan o estilong ginagamit sa pagtuturo at pag-aaral ng mga guro at mga mag-aaral kabilang ang mga gawaing isinasagawa ng mga maliliit na pangkat ng mga mag-aaral kabilang ang pagsasagawa ng mga drama, paglalaro, at iba pa (Petty, 2014:24). Sa pag-aaral na ito, ang salitang ay ginamit bilang isa sa mga tiyak na batayan upang matukoy ang estilo sa pagtuturo at pag-aaral ng wikang Filipino ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot batay sa isang Teaching Style Analysis

Questionnaire at Learning Style Preference Questionnaire ni Petty (2014).

Mga Gawaing Pangbuong Klase. Ito ay tumutukoy sa mga tiyak na indikasyon ng mga pamamaraan o estilong ginagamit sa pagtuturo at pag-aaral ng mga guro at mga mag-aaral sangkot ang buong klase, kabilang ang pagtalakay ng guro, panonood ng mga bidyo o pelikula, paggamit ng overhead projector at white/black board, at pagdidikta ng mga aralin (Petty, 2014:24). Sa pag-aaral na ito ay ginamit bilang isa sa mga tiyak na batayan upang matukoy ang estilo sa pagtuturo at pag-aaral ng wikang Filipino ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot batay sa isang Teaching Style Analysis Questionnaire at Learning Style Preference Questionnaire ni Petty (2014).

Mga Gawaing Pang-Indibidwal na Mag-aaral. Ito ay tumutukoy sa isa sa mga tiyak na indikasyon ng pamamaraan o estilo sa pagtuturo o pag-aaral ng mga guro at mga mag-aaral batay sa mga gawain ng indibidwal na mag-aaral sa klase, kagaya ng pagsusulat ng mga sanaysay, paggawa ng mga takdang aralin, pagkuha ng mga pagsusulit, at iba pa (Petty, 2014:24). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay ginamit bilang isa sa mga tiyak na batayan upang matukoy ang estilo sa pagtuturo at pag-aaral ng wikang Filipino ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot batay sa isang Teaching Style Analysis

Questionnaire at Learning Style Preference Questionnaire ni
Petty (2014).

Kabanata 2

RIBYU NG KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mapanuring pag-aanalisa sa mga paksa hinggil sa estilo sa pagtuturo ng mga guro at estilo sa pag-aaral sa wikang Filipino ng mga mag-aaral na isinagawa ng mananaliksik mula sa iba't ibang mga pinagkunan kagaya ng mga aklat, dyornal, peryodiko, at mga lathalain. Naglalaman din ang bahaging ito ng mga mahahalaga at makabuluhang kinalabasan ng mga naunang pananaliksik sa nabanggit na mga paksa sa itaas na sinuri at binigyang katuturan ng mananaliksik ayon sa kanilang pagkakapareho at pagkakaiba.

Kaugnay na mga Literatura

Sa bahaging ito matutunghayan ang isang masusing pag-aanalisa ng mga ideya ng iba't ibang awtor hinggil sa estilo sa pagtuturo ng mga guro at estilo sa pag-aaral sa wikang Filipino ng mga mag-aaral. Ang iba't ibang ideya sa bahaging ito ay nagsilbing matibay na gabay upang mailahad ang mga suliranin sa kasalukuyang pananaliksik.

Ang mabisang pagtuturo ay nakasalalay sa mga mag-aaral bilang mga tao at sa kanilang pangkalahatang pag-unlad. Dapat kilalanin ng guro ang mga indibidwal na pagkakaiba ng bawat mag-aaral at ayusin ang mga tagubilin na angkop para sa

kanila. Sa aspetong ito mahihinuha ang katotohanan na bilang mga tagapagturo, gumaganap ng iba't ibang mahahalagang tungkulin sa silid-aralan. Kung ang mga ina ang liwanag ng mga tahanan, ang mga guro ay itinuturing din na liwanag sa silid-aralan at sa napakaraming responsibilidad na mula sa pinakasimple patungo sa pinaka-masalimuot. Sa pagganap ng mga tungkuling ito, nangangailangan ang mga guro ng iba't ibang mga estilo sa pagtuturo o pamamaraan upang makuha ang kawilihan ng mga mag-aaral. Higit sa lahat, ang guro ay dapat magkaroon ng sapat na kaalaman sa mga layunin at pamantayan ng kurikulum, kasanayan sa pagtuturo, pagpapahalaga, at mga mithiin (Barberos, et al., 2018:13).

Bilang tagapagturo, ang isang guro ay dapat na isaalang-alang kung paano lalapatan ang paraan ng pagtuturo, kung anong mga paraang gagamitin upang maging kapaki-pakinabang para sa mga mag-aaral upang matamasa nila ang proseso ng pag-aaral, at kung anong gagawin upang maging maayos at kontrolado ang isang silid-aralan. Samakatuwid, ang estilo sa pagtuturo ng mga guro ay batay sa kanilang pilosopiya sa edukasyon, demograpiko ng kanilang silid-aralan, mga paksang itinuturo, at ang mismong misyon ng paaralan (Unibersidad ng Corcodia-Portland, 2017:1).

Samantala, ang kawalan ng kawilihan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, kagaya sa pagbabasa ng mga akdang Filipino,

ang parating nahaharap na suliranin ng mga guro. Kaya para mabigyan ng solusyon ang suliraning ito, gumagamit ng iba't ibang estilo sa pagtuturo upang pumukaw sa kawilihan ng mga mag-aaral na pag-ibayuhin ang pag-aaral sa wikang Filipino. Gayunpaman hindi sapat ang kaalaman sa pag-unawa lamang ng iba't ibang estilo sa pagtuturo ng mga guro kaya gumagamit ang mga guro ng iba't ibang kagamitang pampagtuturo kagaya ng multimedya katulad ng mga video, dvd, at iba pa; at maging ang kompyuter katulad ng mga slide presentations sa pag-agapay sa mga estilo sa pagkatuto ng mga mag-aaral (De Juan, 2013:30-33).

Ang mga estilo sa pagtuturo ay may mahalagang tungkulin sa pagbibigay ng tulong sa mga guro upang maihatid patungo sa mga mag-aaral na mas madali at mas maganda ang kalidad ng mga gawaing pansilid-aralan. Ang kahalagahan ng mga estilo sa pagtuturo ay bunsod ng mga dumaraming pangangailangan at gawain ng mga mag-aaral at kaakibat nito ang suliranin sa pamamaraan, metodo, estratehiya, o estilo sa pagtuturo na dapat rebisahin at paunlarin pa upang ang mga resultang minimithi sa mga mag-aaral ay matugunan (Fernandez, 2010:2-3).

Ang mga guro ay mayroong iba't ibang mga estilo sa pagtuturo. Ang isa sa mga estilo sa pagtuturo na ginagamit ng mga guro ay ang demokratikong estilo. Ang estilo sa pagtuturo

ay tumutulong sa mga mag-aaral na makisangkot sa talakayan upang tumaas ang kanilang antas ng katalinuhan sa pamamaraang hikayatin sila na sumali sa iba't ibang gawain sa paksang aralin bagamat hayaan silang matuto sa kanilang sariling pang-unawa. Ang demokratikong estilo ay nagsisimula sa saligan na ang lahat ay natatangi, kaya natututo ang bawat isa sa mga mag-aaral sa ibang paraan. Sa pamamagitan ng pagsuporta sa indibidwal na pagpapaunlad ng bawat mag-aaral sa loob ng isang mapagkalingang komunidad, tinutulungan ng demokratikong estilo ang mga mag-aaral na matuto tungkol sa kanilang sarili, nakikibahagi sa mundo sa kanilang paligid, at maging positibo at nag-aambag bilang miyembro ng lipunan (Munir at Rehman, 2016:64-90).

Ang demokratikong estilo ay isang klase ng pagkatuto na nakasentro sa silid-aralan. Iginagalang nito ang mga opinyon ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Ang mga pagpapasya ay sinasang-ayunan ng sama-sama at ang pagtatakda ng mga layunin ay ibinabahagi sa lahat. Ibinabahagi rin ng guro ang kanyang mga responsibilidad sa mag-aaral sa loob ng silid-aralan na ang pakay ay isangkot ang mga mag-aaral sa paggawa ng polisiya at desisyon na nakakaapekto sa kanilang sarili (Dyikuk, 2015:22-28).

Kahit na ang mga demokratikong estilo sa pagtuturo ng mga guro ay nagtatakda ng matatag na pag-uugali at pagkatuto

na kanilang inaasahan sa mga mag-aaral may kapasidad pa rin silang makitungo at tumugon sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral. Hindi nangangahulugang ang guro ay responsable sa mga mag-aaral na mailantad ang kanilang kapasidad sa pag-aaral. Kundi bibigyan ng pagkakataon na hayaan na silang tumuklas sa sarili nilang kaalaman. Sa demokratikong estilo ng pagtuturo, binibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong matuto sa sarili nilang kakayahan at pag-unawa na gumawa sa mga panuntunan na binibigay ng guro (Chang, 2010:38-49).

Ang awtorisadong estilo sa pagtuturo ay isang estilo ng pagtuturo na may awtoritatib na diskarte. Sinasabing ito ang pinakamahusay na pamamaraan sa silid-aralan na hinihikayat ang mga mag-aaral na maging malaya, bagamat hindi sila pinapabayaan. Sa estilong ito, ang mga mag-aaral ay pinahihintulutan na ipahayag ang kanilang mga pananaw. Ang mga awtoritatib na estilo ay ang pinakamahusay na anyo ng pamamahala ng silid-aralan dahil ito ang pinakamalapit na nauugnay sa angkop na pag-uugali ng mga mag-aaral. Subalit, may negatibong epekto ang awtorisadong pagtuturo sapagkat ang guro lamang ang higit na may kakayahan na itatag ang pagkatuto ayon sa sariling panuntunan nito, na sinusunod lamang ng mga mag-aaral. Ang mga awtoritaryan na guro ay bihasa sa pagkakaroon ng kapangyarihan. Itinatag nila ang lahat ng uri ng panuntunan at tinutukoy nila ang kahihinatnan sa lalabag

ng panuntunan. Nakasalalay sa pag-uugali ng guro ang ikinikilos ng mga mag-aaral na nakabatay sa kanyang pamantayang gusto niyang masunod sa loob ng silid-aralan (Baumrind, 1997:1-103).

Ang pangatlong estilo sa pagtuturo ay ang tinatawag na *laissez faire* na estilo kung saan binibigyang-pansin ang halaga at oras ng mga mag-aaral sa hindi gaanong naiintindihan ang mga gawain na itinuturo at ipinapakita ng guro. Sa isang panig, ang mga guro na nagpapakita ng estilo ng pagtuturo na ito ay inilalarawan bilang mapag-alaga at mapag-aruga dahil pinaglalaanan nila ang mga mag-aaral ng emosyunal na suporta. Higit na binibigyang-diin ng mga guro ang pag-aaral bilang malayang pag-aaral at bihirang magtakda ng mga inaasahang tugon sa mga mag-aaral (Chen, 2009:4-10).

Ang pamumuno sa klase gamit ang estilong *laissez-faire* ay pamumuno kung saan ang mga guro ay pinapayagan ang mga mag-aaral na gumawa ng mga desisyon. Ito ay karaniwang estilo ng pamumuno na humahantong sa pinakamababang produktibo sa mga mag-aaral. Gayunpaman, mahalagang malaman na ang estilo na ito ay maaaring magkaroon ng parehong mga benepisyo at posibleng mga kapahamakan katulad rin ng mga ibang estilo ng pagtuturo (Cherry, 2018:13-17).

Mayroon ding indifferent na estilo sa pagtuturo kung saan ang mga guro ay kulang sa kasanayan, tiwala, o lakas ng

loob upang disiplinahin ang mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay nag-iisip at nagpapakita ng walang malasakit na saloobin ng guro. Alinsunod dito, ang napakaliit na pag-aaral ay nangyayari dahil ang pinaiiral na kasabihan sa estilong ito ay ang sumabay sa anumang mangyari at gawing pampalipas oras nalang ang klase. Sa kaligiran ng pag-aaral na ito, ang mga mag-aaral ay may napaka kaunting mga pagkakataon upang obserbahan o magsanay ng mga kasanayan sa komunikasyon. Ang mga mag-aaral ay may mababang pagganyak na nakakamit sa estilong ito. Ang walang malasakit o indifferent na guro ay hindi nagbibigay ng mga ideya sa mga mag-aaral at madalas na nararamdaman nila na ang paghahanda sa klase ay hindi mahalaga (Okwori, et al, 2015:32-59).

Batay sa mga pagtalakay, maaaring sabihin na napakalaki ng epekto sa kalidad ng edukasyon ang paraan ng pagtuturo ng mga guro sa isang paaralan. Maaaring madami pang ibang salik ang maging hadlang para sa matagumpay na pagkatuto ng mga mag-aaral ay lubos pa ring mas nakakaapekto ang paraan kung paano nailahad o ilalahad ng mga guro ang mga aralin sa kanila ayon sa napiling estilo nila. Bilang pangkalahatan, anumang paraan ang ginagamit ng mga guro, ang mahalaga ay ang estilo ng pagkatuto ng mag-aaral na siyang tumutukoy sa kaparaanan nila para sa kanilang pag-aaral dahil sila ang mas higit na makikinabang sa kanilang pamamaraan ng pagkatuto

(<http://tradisyunalatmodernongpagtuturo.blogspot.com>,
Disyembre 14, 2019).

Sa kabila ng kahalagahan ng estilo sa pagtuturo ng mga guro, mahalaga ring maunawaan at matutunan ang estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral bilang isa sa kritikal na elemento sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Mahalagang malaman din ang estilo sa pagkatuto ng mga mag-aaral dahil napapadali ang proseso ng pagkatuto. Gayundin naman, naiintindihan na ang bawat indibidwal ay may magkakaibang akademikong kakayahan. Upang maitugma ng tagapagturo ang nararapat na estratehiya ng pagtuturo sa estilo sa pagkatuto ng mga mag-aaral (Murphy, et al, 2014:859-866).

Ang kaalaman sa estilo sa pagkatuto ng bawat indibidwal ay nakatutulong upang malinang ang kahusayan sa pag-aaral. Bawat indibidwal ay gumagamit ng iba't ibang estilo sa pagkalap ng impormasyon kagaya ng may mga mag-aaral na higit na ninanais ang makita at mahawakan ang nais pag-aralan at mayroon din namang nagna nais mapakinggan ang kanilang pinag-aralan. Ang estilo sa pag-aaral ay nagkakaiba dahil sa iba't ibang salik na nakaaapekto sa pag-aaral ng isang indibidwal, kagaya ng kapaligiran ng pag-aaral at emosyon ng isang mag-aaral (Forrest, 2014:64).

Ang estilo sa pag-aaral ay tumutukoy sa mga pamamaraang matuto ng mga mag-aaral. Tumutukoy din ito sa mga personal na

pamamaraan sa pagtatamo ng mga impormasyon at karanasan sa pagkatuto sa iba't ibang asignatura ng mga mag-aaral. Ito rin ang mga palagiang pamamaraan sa pagtugon at paggamit sa mga karanasan sa konteksto ng pagkatuto. Sa karagdagan, ang mga estilo sa pag-aaral ay nakatuon sa mga pandamang ginagamit ng mga mag-aaral sa kanilang paglalayong matuto. Ang mga ito ay resulta rin ng mismong pinagmulang bayolohikal na aspeto ng mga mag-aaral, mga pangyayari sa nakaraan, at ang mga hinihingi ng kasalukuyang panahon upang makapaggawa ng indibidwal na pamamaraan ng pag-aaral (Gregorc, 2009:234-236).

Alinsunod sa mga nabanggit na elemento ng pagkahubog ng mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral ay ang katotohanang ang estilo sa pagkatuto ay hindi nag-iisang konsepto kung hindi ito ay binubuo ng magkakaugnay na elemento na kung tawagin ay mga katangian ng istilo sa pag-aaral. Ang mga guro ay dapat na magsagawa ng isang pagsasalarawan sa mga estilo sa pag-aaral ng kanilang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanila gamit ang mga talatanungan hinggil dito o sa pamamagitan ng pagmamasid sa kanilang mga gawain sa iba't ibang sitwasyon (Hunt, 2011:647).

Ang mga estilo sa pag-aaral ay mayroong mga katangian. Ang mga ito ay pangkapaligiran, emosyonal, sosyolohikal, pisikal, at sikolohikal. Ang mga estilo sa pag-aaral ay

hinuhubog ng mga pangkapaligirang salik kagaya ng ilaw, tunog, temperatura, at desinyo. Halimbawa, mayroong mga mag-aaral na mas gustong mag-aral sa isang tahimik na lugar, samantalang may ilan na gusto ang isang lugar kung saan mayroong malamyos na tugtog sa paligid. Ang mga estilo sa pag-aaral ay naiimpluwensiyahan din ng mga emosyonal na salik kagaya ng motibasyon, pagtitiyaga, responsibilidad at mga kasanayang sa pagsasa-ayos ng mga pamamaraan sa pag-aaral (Dunn & Dunn, 1993:744-77).

Sa karagdagan, ang estilo sa pag-aaral ay hinuhubog ng sosyal na mga salik. Halimbawa, may mga mag-aaral na gustong mag-aral na sila lang sa isang lugar, samantalang may mga mag-aaral na gustong mag-aral kasama ang kanilang mga kaibigan. Ang estilo sa pag-aaral ay naiimpluwensiyahan din ng pisikal na katangian ng mga mag-aaral. Mayroong mga mag-aaral na kayang mag-aral ng isang buong araw ng walang pahinga samantalang ang iba ay kinakailangan ng mahabang pahinga upang maitawid ang pag-aaral sa isang araw. Sa huli, ang estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral ay naaapektuhan din ng mga sikolohikal na elemento kagaya ng mga kakayahan, motibasyon, at pag-iisip.

Samantala, mayroong iba't ibang mga estilo sa pag-aaral ang mga mag-aaral. Isa sa mga estilo sa pag-aaral ay ang berbal na estilo kung saan ang pagkatuto ay sa paraan ng

pagsusulat at pagsasalita. Ang estilo na ito ay mahalaga upang madaling maipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang sariling opinyon o ideya sa pamamagitan ng pagsusulat at pagsasalita. Maaari ding gamitin ng mga mag-aaral ang biswal na estilo ng pagkatuto kung saan ginagamit ang mga graph, chart, mapa, at mga dayagram. Sa pamamagitan ng mga biswal na materyal, mas natatandaan ng mga mag-aaral kung ano ang nakikita nila kaysa sa kung ano ang naririnig nila (Guides, 2018:1-2).

Sa karagdagan, maaari ding gumamit ng solitary na estilo sa pag-aaral ang mga mag-aaral. Ito ay ang kabaligtaran ng social o interpersonal na pagkatuto kung saan mas gusto ng mga mag-aaral ang kumpanya ng kanilang sarili, kaysa sa iba. Sa pamamagitan nito, nagagawa ang kanilang pinakamainam na gawain kapag sila ay nasa isang tahimik na lugar na walang iba pa sa paligid na magiging abala sa kanila. Ang mga mag-aaral na gumagamit ng estilong ito ay nasisiyahan sa paggugol ng oras ng mag-isa ngunit ito ay hindi nangangahulugang ayaw nila makasalamuha ang ibang tao. Ang lohikal na estilo ng pagkatuto ay isa ring pamamaraan ng pagkatuto na maaaring gamitin ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na gumagamit nito ay nangangatuwiran at lohikal na pagkakasunod-sunod ang pinaiiral upang maunawaan ang impormasyon.

Dagdag sa mga naunang estilong binanggit ay ang social na estilo. Ang mga mag-aaral na gumagamit nito ay gustung-

gustong makipag-ugnayan at mag-aral sa pamamagitan ng interpersonal pakikipag-ugnayan. Nasisiyahan silang magtungo sa mga komite, nakikilahok sa mga proyekto sa pag-aaral ng grupo, at nakikipag-usap sa iba pang mga mag-aaral at matatanda. Nasisiyahan din sila sa mga aktibidad sa paaralan tulad ng mga palabas, mga palaro, at iba pa.

Itinuturing na arbitraryong sistema ng mga tunog na ginagamit sa paghahatid at pagtanggap ng mensahe ang wika. Maaaring gawin ang pagpapahayag ng wika sa paraang pasulat o pasalita. Upang maging matagumpay ang isang guro ng wika, kailangang isaisip ang mga salik na nakakaapekto sa pagkatuto ng wika sa kaligirang akademiko. Maaaring uriin ang mga salik na nabanggit sa: a) mag-aaral, b) mga guro; c) materyal; d) istrategiya; at e) pagtaya. Sa aspeto ng mga mag-aaral, ilan sa mga salik na may kaugnayan sa kanilang pagkatuto ng wika ay ang: a) antas ng intelektwal na pag-unlad ng mag-aaral, b) haba o antas ng kawilihan o atensyon, at c) panatag na kalooban sa klasrum ng mga mag-aaral (Allen at Reeson, 2009:220).

Mahalaga rin ang panloob at panlabas na motibasyon. Binibigyang-pansin na rin sa kaligirang akademiko ang iba't ibang katalinuhan ng mga mag-aaral na may kinalaman sa kanilang estilo ng pagkatuto. Kabilang sa mga ito ay ang lohikal at matematikal, linggwistik, musical, biswal,

kinestetik, interpersonal, intrapersonal, at emosyunal. (17 Disyembre 2019, <https://amses.weebly.com>).

Sa kabilang dako, sa aspeto ng mga guro bilang mga namamahala sa paghahanda ng mga makabuluhang gawain sa pagkatuto, karagdagang motibasyon sa mga mag-aaral ang regular na pagtaya ng kanilang pag-unlad sa pag-aaral. Bukod dito, napakahalagang may malawak na kabatiran ang guro sa asignaturang Filipino. Nakasalalay din ang pagkatuto ng mag-aaral sa uri ng wika at materyal na ginagamit sa klasrum. Kabilang din sa mga salik ay ang pagkakaroon ng kawili-wili at nakapupukaw ng interes na mga kagamitan sa klasrum at mga kontemporaryong istrategiya sa pagtuturo ng wika. Mahalaga ang antas ng propesyunal na kaalaman ng isang guro sa mga istrategiya at pamamaraan ng pagtuturo ng wika.

Sa pagtuturo ng wikang Filipino, ang tanong ay kung paano matutuhan ng mga mag-aaral ang likas na kayarian nito ayon sa kanilang kawilihan, kahandaan, at kaalaman. Halimbawa sa isang silid-aralan ay may 50 mag-aaral na may iba't ibang kawilihan, kahandaan, at kaalaman, kung gagamit ang guro ng iisang estilo ng pagtuturo o ang paiiralin ay ang tinatawag na "one size fits all", ano ang maaaring maging resulta nito sa mga mag-aaral. Dahil dito, kung nais ng guro na malaman ang mga natutunan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, kailangan na hayaan silang ipahiwatig sa paraan o estilong

gusto nila at ayon sa kawilihan, kahandaaan, at kakayahan ng mga mag-aaral. Halimbawa, kung biswal ang isang mag-aaral, maaaring idaan sa mga larawan ang pagtuturo ng wika, o sa mga panitikan na maaaring makita ng mga mag-aaral ang likas na anyo ng wikang Filipino. Ito ay maaari ring gawin sa pamamagitan ng paggamit ng mga presentasyon gamit ang multimidya (Waterhouse, 2016:247-255).

Sa kabuuan, hindi dapat pilitin ang mga mag-aaral na gawin ang mga bagay na hindi ayon sa kanilang kawilihan, kahandaan, at kaalaman, at mas lalong hindi sila dapat piliting mag-aral ng hindi naaayon sa kanilang estilo. Dahil dito, magiging hindi makabuluhan ang pagtuturo kung hindi naman natuto ang mag-aaral sa paraan o estilong gusto at kaya ng kanilang antas ng pagkakatatuto. Kaugnay nito, dapat ding malaman ng mga guro ang mga estilo ng pagtuturo na aakma sa estilo ng pag-aaral ng mga mag-aaral.

Ang mga binanggit na literatura sa bahaging ito ay malaking tulong upang maunawaan ang inilahad na suliranin at layunin ng pag-aaral. Ang mga ito ay nagsilbing matatag na batayan sa pagtalakay na ginawa sa estilo sa pagtuturo ng mga guro at estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa bahaging ito.

Kaugnay na mga Pag-aaral

Ang bahaging ito ay nagtalakay sa mga kinalabasan ng mga naunang pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral

ukol sa istilo sa pagtuturo ng mga guro at istilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Sa bahaging ito, inilatag ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga naunang pag-aaral at ng kasalukuyang pananaliksik upang mas maunawaan ang mga suliranin sa kasalukuyang pag-aaral.

Lopez (2018) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro at ang Aktibong Motibasyon ng mga Mag-aaral". Batay sa mga kinalabasan, minsan lamang na ginagamit ng guro ang apat na estilo ng pagtuturo. Nalaman din na sumasang-ayon ang mga respondente sa mga salik ng aktibong motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Bukod dito natuklasan na may makabuluhang ugnayan ang estilo ng pagtuturo ng mga guro at ang aktibong motibasyon ng mga mag-aaral.

Ang naunang pananaliksik ay makabuluhan sa pag-aaral na ito dahil parehong nakatuon sa estilo sa pagtuturo ng mga guro. Parehong tinaya ang kaugnayan ng estilo sa pagtuturo ng mga guro sa mga salik na may kaugnayan sa mga mag-aaral. Subalit, sa naunang pananaliksik tinaya ang kaugnayan ng estilo sa pagtuturo ng mga guro at ang aktibong motibasyon sa pag-aaral ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral. Sa isinagawang pag-aaral, tinaya ang kaugnayan ng estilo sa pagtuturo ng mga guro at ang estilo sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

Magulod (2018) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Learning Styles, Study Habits and Academic Performance of Filipino University Students in Applied Science Courses: Implications for Instruction". Ang kinalabasan ng nasabing pag-aaral ay ang mga mag-aaral na kumukuha ng Applied Sciences ay nagkakagusto sa biswal, pangkatan, at kinesthetic na istilo ng pag-aaral samantalang sila ay nagpahiwatig ng katamtamang paggamit ng mga kagawian sa pag-aaral o study habits. Napag-alaman ding may mabuting antas ng pang-akademikong pagganap ang mga mag-aaral na tagasagot. Samantala, sa pagtutuos sa epotesis, napag-alaman na mayroong mahalagang pagkakaiba sa pang-akademikong kaganapan, hanapbuhay ng tatay, at klase ng paaralang sekundarya na pinagtapusan ang mga mag-aaral. Sa pangkalahatan, mayroong mahalagang kaugnayan sa pagitan ng estilo ng pag-aaral, kagawian sa pag-aaral, at pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Applied Sciences.

Ang dalawang pag-aaral ay parehong nakatuon sa estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral kung kaya ito ay mahalaga sa pag-aaral na isinagawa. Ngunit ang pag-aaral ni Magulod ay pinagtuunan ng pansin ang kaugnayan ng mga estilo sa pag-aaral sa akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral na ito, iniugnay ang mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral at ang mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga guro.

Llagas (2017) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Preperensiya ng mga Mag-aaral mula sa Piling Pamantasan sa Kalakhang Maynila ukol sa Dulog na Historikal at/o Rehiyonal sa Pagtuturo ng Panitikang Pilipino: Isang Pag-aaral". Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, walang makabuluhang kaugnayan ang sagot ng mga kalahok sa kahulugan ng dulong sa pagtuturo batay sa mga napiling sagot ng mga mananaliksik; hindi angkop ang historikal na dulong at ang rehiyonal na dulong sa pagtuturo ng Panitikang Pilipino; hindi mabisa ang historikal na dulong at ang rehiyonal na dulong ang magiging angkop sa pagtuturo ng Panitikang Pilipino; at walang kaugnayan ang pagiging mabisa ng isang dulong at ang kaangkupan nito.

Ang naunang pag-aaral ay may kaugnayan sa isinagawang pananaliksik dahil sa pagtukoy sa pagkakagusto ng mga mag-aaral sa isang tiyak na dulong sa pagtuturo ng panitikang Filipino. Samantala, ang pananaliksik na isinagawa ay may kaparehong layunin na alamin ang estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Kung kaya, malaki ang maitutulong ng naunang pananaliksik sa pag-unawa sa mga suliraning inilahad ng ginawang pag-aaral. Subalit, magkaiba ang dalawang pag-aaral dahil tiyak na tinukoy ng naunang pag-aaral ang dulong na historikal at rehiyonal sa pagtuturo ng panitikang Pilipino na hindi ginawa sa pananaliksik na ito.

Galvez (2017) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Assessing the Learning Styles of Senior High School Students of La Consolacion University Philippines: Implications in the Teaching Learning Process". Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, karamihan sa mga mag-aaral ay gumamit ng sosyal na estilo ng pagkatuto o sila ay tinaguriang social learners.

Ang pag-aaral ni Galvez at ang pag-aaral na ito ay parehong layon na malaman ang mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Ngunit, ang pag-aaral ni Galvez ay nakatuon sa estilo sa pag-aaral bilang batayan sa pagpapaunlad ng pagtuturo at pagkatuto samantalang sa isinagawang pag-aaral ay nakatuon sa kaugnayan ng estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral at ang estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga guro.

Dela Cruz (2016) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Mga Salik tungo sa Epektibong Pamamaraan ng Pagtuturo sa mga Estudyanteng Nag-aaral ng Batsilyer ng Edukasyong Pansekundarya sa Cavite State University". Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral, ang kawalan ng mga salingkurang pagsasanay hinggil sa mga pamamaraan ng pagtuturo ang tinayang pinakamahalagang salik tungo sa epektibong pamamaraan ng pagtuturo sa mga estudyanteng nag-aaral ng Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon sa Cavite State

University, Taong Panuruan S.Y. 2015-2016. Tinayang mas epektibo ang mga makabagong paraan ng pagtuturo nito sa pagtuturo sa mga estudyante na may kursong edukasyon lalo na ang paggamit ng teknolohiya sa mga aralin. May kaugnayan ang pamamaraan ng pagtuturo ng mga guro at ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang binanggit na pag-aaral ni Dela Cruz ay mahalaga sa pag-aaral na isinagawa dahil ito ay nagbigay ng malalim na pag-unawa hinggil sa kahalagahan ng mga estilo o pamamaraan ng pagtuturo ng mga aralin sa pagtatamo ng epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang dalawang pag-aaral ay magkapareho ang layunin na alamin ang mga pamamaraan o estilo sa pagtuturo ng mga guro na maaaring may kinalaman sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Subalit, ang pananaliksik ni Dela Cruz ay mas malawak ang saklaw dahil inalam pa nito ang mga salik na nakaaapekto sa ginamit na pamamaraan o estilo ng mga guro. Samantala, sa pag-aaral na ito ay hindi na ito isinagawa.

Peneyra (2012) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, "Ang Pagtuturo ng Filipino sa Batayang Edukasyon". Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang pamamaraang pagsasanib (integrative method), pagsasanib ng mga kasanayan o lawak sa Filipino (skills-based integration) ay epektibong pamamaraan ng pagtuturo ng Filipino sa batayang

edukasyon. Ang mga pamamaraang ito ay epektibo sa paglinang ng pakikinig tungo sa pagsusulat, sa paglinang ng mga kasanayan sa pakikinig tungo sa pagsasalita, at pagsusulat tungo sa mas mataas na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Mas malawak ang saklaw ng pag-aaral ni Peneyra dahil nilayon na alamin ang pagtuturo ng Filipino sa batayang edukasyon, hindi lamang ang mga pamamaraang maaaring gamitin ng mga guro kundi pati ang mga batayang gawain upang maisakatuparan ang mga kompetensi na dapat matamo ng mga mag-aaral. Subalit, mahalaga ang papel ng nasabing pag-aaral sa ginawang pananaliksik dahil pareho nilang nilayon na suriin at bigyang-pansin ang pagkatuto ng Filipino at ang mga pamamaraan kung paano ito maituturo nang mahusay at epektibo sa mga mag-aaral.

Cuadra (2011) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Pagdetermina ng mga Paraan ng Pagkatuto ng mga Piling Mag-aaral ng Unang Taon sa Kolehiyo sa Pamamagitan ng Sistemang VARK". Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang Visual Learning Preferences and pinaka angkop na paraan ng pagkatuto para sa mga mag-aaral na tagasagot, lalo na kung may mga nakikitang visual aids at iba pang pang-edukasyonal na mga bagay ang mga mag-aaral. Napag-alaman din na hindi nagkakalayo ang mga preprensya ng bawat mag-aaral sa mga paraan ng pagkatuto.

Ang naunang pag-aaral ni Cuadra ay may pagkakahalintulad sa ginawang pananaliksik dahil parehong naglayong alamin ang estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Subalit, ang naunang pag-aaral ay umikot sa sistemang VARK bilang isang instrumento sa pag-alam ng mga estilo sa pag-aaral. Samantala ginamit sa pag-aaral na ito ang Learning Style Preferences Questionnaire upang tayain ang estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Sa karagdagan, ang naunang pag-aaral ay nakatutok lamang sa pagtukoy sa mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral samantala ang pag-aaral na ginawa ay inalam din ang mga estilo sa pagtuturo ng mga guro.

Aguila (2011) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Pagsusuri sa mga Obra Maestrang Isinakomiks: Tungo sa Pagbuo ng Pamantayan sa Pagsusuri ng Pantulong na Kagamitan sa Antas Sekundarya". Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, napag-alaman ang kahalagahan ng pagsusuri sa mga babasahing gagamitin bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo upang mapiling mabuti ang mga supplementaryong materyal na ipagagamit sa mga mag-aaral, kabilang ang mga obrang isinakomiks.

Sa kabila ng kaibahan ng naunang pananaliksik sa ginawang pag-aaral dahil ang tuon ng una ay sa mga obrang isinakomiks upang magsilbing batayan sa pagsusuri ng kaangkupan ng mga pantulong na kagamitan sa pagtuturo sa antas

sekundarya, minarapat itong banggitin sa huli dahil nagbigay ito ng makabuluhang pananaw hinggil sa importansya ng pagsasagawa ng pagsusuri sa mga kagamitang pantulong upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral. Ang paglayon ng naunang pananaliksik na suriin ang mga kagamitang pantulong sa pagtuturo ay para na ring pagsusuri sa mga pamamaraan o estilo sa pagtuturo na maaaring gamitin ng mga guro sa loob ng klase.

Lopez-Royo (2010) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Mga Saloobin at Suliranin ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino sa Ateneo de Davao High School". Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, napag-alaman ang kapaligiran sa loob at labas ng kampus ay nararapat na sumuporta sa pagkatuto ng wika upang bigyan ito ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral. Napag-alaman din na kailangan bigyan ng nararapat na pagsasanay ang mga guro na magpapalawak ng kanilang kasanayan sa paglalahad ng aralin at pamamaraan ng pagtuturo.

Ang kaibahan ng pag-aaral ni Lopez-Royo sa pananaliksik na ginawa hindi tiyak na tinukoy ang estilo sa pagkatuto ng mga mag-aaral at ang estilo sa pagtuturo ng mga guro sa wikang Filipino. Subalit, ang naunang pag-aaral ay mahalagang banggitin sa pag-aaral na ito dahil sa pagbigay nito ng makabuluhang batayan hinggil sa mga suliraning kinaharap ng

mga mag-aaral sa pagkatuto sa asignaturang Filipino na maaaring naapektuhan ng estilo ng kanilang pagkatuto at estilo sa pagtuturo. Sa pamamagitan nito, mas lalong naunawaan ang kahalagahan ng estilo sa pagtuturo ng mga guro at estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral na siyang nagbigay lunas sa mga suliraning kinaharap sa pag-aaral ng wikang Filipino.

Gorumba (2010) ay nagsagawa ng pananaliksik na pinamagatang, "Mga Salik sa Epektibong Pamamaraan ng Pagtuturo sa Asignaturang Filipino sa Mataas na Paaralan ng Palompon Institute of Technology, Palompon, Leyte". Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, ayon sa pananaw ng mga mag-aaral, ang guro ang mas nakaaalam kung anu-ano ang mas epektibong pamamaraan na gagamitin upang ang lahat ng uri ng mga mag-aaral ay matuto sa lahat ng mga paksa sa asignaturang Filipino. Ang likas na kayarian ng wika ang itinurong mahalagang salik sa pagtukoy sa pamamaraang magiging epektibo sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ayon din sa pananaw ng mga guro, magkakaibang pamamaraan ang gagamitin para sa magkakaibang uri ng mga mag-aaral. Tinukoy rin sa pag-aaral na ito na ang remedyal na mga gawain ay mahalaga.

Ang pag-aaral ni Gorumba ay makabuluhan sa ginawang pag-aaral dahil sa pagkakapareho ng layunin na malaman ang mga pamamaraan ng pagtuturo. Subalit, ang naunang pananaliksik ay

mas malawak ang saklaw dahil inalam pa nito ang mga salik na nakaapekto sa mga pamamaraang ginamit sa pagtuturo ng asignaturang Filipino na hindi ginawa sa pananaliksik na ito. Sa karagdagan, ang naunang pananaliksik ay hinggil sa asignaturang Filipino mismo samantala, ang kasalukuyang pananaliksik ay nakatuon sa wikang Filipino.

Sa kabila ng pagkakaiba-iba ng saklaw at lawak, metodolohiyang ginamit, at iba pang mga baryet sa pagitan ng mga naunang pananaliksik at ang pag-aaral na isinagawa, binanggit at tinalakay pa rin ang mga naunang pananaliksik dahil ang mga ito ay nagbigay-linaw sa mga suliraning sinuri.

Kabanata 3

METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng pagtalakay tungkol sa mga prosesong ginamit upang mabigyan ng kwantitatibong pag-aanalisa ang mga datos ng pag-aaral. Kabilang sa mga ito ay ang disenyo ng pananaliksik, lokal ng pag-aaral, instrumentasyon, balidasyon ng instrumento, pamamaraang sampling, paglikom ng mga datos, at paglalapat estadistika ng mga datos.

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong uri ng pananaliksik upang alamin ang kaugnayan ng mga estilo sa pagtuturo ng mga guro at estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Silanga National High School.

Ginamit ang deskriptibong uri ng pananaliksik upang mailarawan ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, at saloobin sa pagkatuto sa wikang Filipino.

Sa karagdagan, ginamit din ang deskriptibong uri ng pananaliksik upang mailarawan ang profayl ng mga gurong tagasagot ayon sa kanilang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang

ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng salingkurang pagsasanay sa Filipino na dinaluhan, at saloobin sa pagtuturo sa wikang Filipino.

Tinaya ang mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot batay sa Teaching Style Analysis Questionnaire ni Petty (2014) ayon sa mga gawaing pangbuong klase, mga gawaing pang-indibidwal na mag-aaral, at gawain ng mga maliliit na pangkat ng mga mag-aaral gamit ang deskriptibong uri ng pananaliksik. Sa kabilang panig, ginamit ang deskriptibong pananaliksik upang mataya ang mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa Learning Style Preference Questionnaire ni Petty (2014) ayon sa kaparehong mga indikasyon.

Samantala, ang korelesyunal na pag-aanalisa ay isinagawa upang matuos kung mayroong mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang mga profayl baryet; sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang kanilang mga profayl baryet; at sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot.

Ang mga deskriptibo at inferential na estadistikang panukat ay ginamit upang mabigyan ng kwantitatibong pag-

aanalisa ang mga datos. Ang mga ito ay ang Dalas ng Bilang o Frequency Count, Bahagdan o Percentage, Tamtaman o Mean, Standard Deviation, Weighted Mean, Pearson's Product-Moment Coefficient of Correlation (Pearson's r), at Fisher's t -Test.

Lokal ng Pag-aaral

Ang Figura 2 ay nagpapakita ng mapa ng lokal ng pag-aaral, ang Silanga National High School, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan.

Ang Silanga National High School ay isa sa mga pampublikong paaralan na mayroong kompletong baitang sa Junior High School at Senior High School na lebel. Ito ay nagsimula noong taong 1999 ngunit nagkaroon ng kasarinlan bilang isang mataas na paaralan noong 2004. Ang paaralang ito ay patuloy na humuhubog ng mga mag-aaral upang maging produktibo at makapagtamo ng magandang buhay sa hinaharap (<http://ph.geoview.info>, Enero 9, 2020).

Instrumentasyon

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng isang talatanungan upang makalap ang mga datos.

Talatanungan. Dalawang uri ng talatanungan ang ginamit para sa dalawang pangkat ng tagasagot, ang mga guro at mga mag-aaral. Ang parehong talatanungan ay binuo ng tatlong bahagi.



Figura 2. Ang Mapa na Nagpapakita ng Lokal ng Pag-aaral

Ang unang bahagi ng talatanungan para sa dalawang pangkat ng tagasagot ay pinaghalong supply na tipo at tseklist kung saan hiningi ang mga kailangang impormasyon sa pamamagitan ng paglalagay ng mga datos sa mga patlang sa bawat aytem o sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek na marka sa mga angkop na patlang sa bawat aytem ng kanilang sagot. Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga profayl baryet ng mga mag-aaral na tagasagot kabilang ang kanilang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, at hanapbuhay ng mga magulang. Sa panig ng mga guro, ang bahaging ito ay naglalaman ng kanilang mga gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, at bilang ng salingkurang pagsasanay sa Filipino na dinaluhan.

Ang ikalawang bahagi ng parehong pangkat ay isang tseklist na binuo ng 10 mga pangungusap na sumalamin sa saloobin ng mga tagasagot. Sa talatanungan para sa mga mag-aaral na tagasagot, ang mga pangungusap ay hinggil sa saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa pagkatuto sa wikang Filipino. Samantala, ang talatanungan para sa mga gurong tagasagot ay may mga pangungusap hinggil sa saloobin ng mga gurong tagasagot hinggil sa kanilang pagtuturo sa wikang Filipino. Ang mga sagot ng mga mag-aaral at gurong tagasagot ay sinukat

gamit ang limang puntong iskala: 5 para sa Lubos na Sumasang-ayon, 4 para sa Sumasang-ayon, 3 para sa Hindi Sigurado, 2 para sa Hindi Sumasang-ayon, at 1 para sa Lubos na Hindi Sumasang-ayon.

Ang ikatlong bahagi ng talatanungan para sa dalawang pangkat ay ang tseklist hinggil sa mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga guro at mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral halaw sa Teaching Style Analysis Questionnaire at Learning Style Preference Questionnaire ni Petty (2014) ayon sa mga sumusunod na indikasyon: mga gawaing pangbuong klase, mga gawaing pang-indibidwal na mag-aaral, at gawain ng mga maliliit na pangkat ng mga mag-aaral. Ang bahaging ito ay binuo ng 11 aytem sa unang bahagi, mga gawaing pangbuong klase, 30 aytem sa ikalawang bahagi, ang mga gawaing pang-indibidwal na mag-aaral, at 15 aytem sa ikatlong bahagi, ang gawain ng mga maliliit na pangkat ng mga mag-aaral. Samantala, tinaya ang mga kasagutan ng mga mag-aaral at gurong tagasagot gamit ang limang puntong iskala: 5 para sa Napakamadalas, 4 para sa Madalas, 3 para sa Minsan, 2 para sa Bahagyang Nahihirapan, at 1 para sa Hindi.

Balidasyon ng Instrumento

Ang ginamit na talatanungan ay hindi na sumailalim sa balidasyon ng nilalaman at reliability dahil ito ay isang

estandard na instrumento halaw sa Teaching Style Analysis Questionnaire at Learning Style Preference Questionnaire ni Petty (2014). Hindi na rin sumailalim sa balidasyon ang bersyon sa Filipino ng nasabing mga talatanungan dahil mismong ang tagapayo at eksperto sa wikang Filipino ang nagsagawa ng pagsasalin ng Ingles na bersyon sa Filipino na bersyon.

Pamamaraang Sampling

Mayroong dalawang pangkat ng tagasagot ang pag-aaral na ito, ang mga gurong nagtuturo ng Filipino at ang mga mag-aaral sa ikapitong baitang sa Silanga National High School, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan sa Taong Panuruan 2019-2020. Ang mga gurong tagasagot ng pag-aaral ay pinili sa pamamagitan ng kabuuang bilang o universal sampling sapagkat sila ay nasa 10 lamang.

Samantala, ginamit ang Slovin's formula sa ibaba upang matiyak ang tamang bilang ng mga mag-aaral na tagasagot mula sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang na naitala sa 333 (Pagoso et al., 1979:135):

$$n = \frac{N}{1 + Ne^2}$$

kung saan:

n - sample size;

N - total population;

- 1 - constant; and
- e - margin of error.

Ang sample size ay tinaya sa 190. Ginamit ang stratified random sampling with replacement upang matukoy ang bawat indibidwal na mag-aaral na tagasagot gamit ang kanilang pangkat sa ikapitong baitang bilang kategorya. Makikita sa Talahanayan 1 ang pagkakabahagi ng mga mag-aaral at mga gurong tagasagot. Ang pamamaraang lottery ay ang ginamit na estilo upang mapili ang mga mag-aaral na tagasagot sa bawat pangkat. Sa paraang ito, lahat ng mga pangalan ng mga mag-aaral ay isa-isang isinulat sa bawat kapiarasong papel at inilagay sa isang mangkok at binola hanggang sa makuha ang tamang bilang ng mga mag-aaral na tagasagot. Ang mga pangalan ng mga mag-aaral na mabubunot ang siyang nagsilbing tagasagot at siyang binigyan ng talatanungan.

Talahanayan 1

Mga Tagasagot ng Pag-aaral

Pangkat	Populasyon	Sample	Mga Guro
Maka-Diyos	42	24	2
Makatao	35	20	1
Magalang	41	23	1
Maka-Kalikasan	35	20	1
Masipag	33	19	1
Makabansa	41	23	1
Matulungin	36	21	1
SPS	40	23	1
SPA	30	17	1
Kabuuan	333	190	10

Paglikom ng mga Datos

Sumulat ang mananaliksik ng liham pahintulot mula sa mga kinauukulan bago magsagawa ng sarbey gamit ang talatanungan. Ang liham para sa Pansangay na Tagapamanihala ng Sangay ng Lungsod ng Catbalogan ay isinumite upang makahingi ng pahintulot na maisagawa ang pag-aaral ng lehitimo sa Silanga National High School. Sa karagdagan, ang mananaliksik ay gumawa at nagsumite ng liham pahintulot na maipamudmod ang mga talatanungan sa mga guro at mag-aaral na tagasagot sa Pampurok na Tagamasid at sa Punong-Guro.

Pagkatapos na makuha ang pahintulot mula sa mga kinauukulan, personal na ipinamahagi ng mananaliksik ang mga talatanungan para sa mga guro at mga mag-aaral upang masiguro ang 100 na paglikom ng mga datos. Ang mga talatanunga ay ipanamigay sa mga guro at mga mag-aaral na tagasagot sa kani-kanilang mga klase mula Lunes hanggang Biyernes. Masusing binantayan ng mananaliksik ang pamimigay ng mga talatanungan upang sagutin ang mga paglilinaw ng mga tagasagot lalo na sa alituntunin sa pagsagot. Walang itinakdang oras sa pagsagot upang bigyang laya ang mga tagasagot na sagutin ang mga aytem sa talatanungan. Naging madali ang pagsasagawa ng pag-aaral dahil sa tulong ng mga tagapayo ng bawat pangkat ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang. Ang pangongolekta sa mga nasagot na talatanungan ay sa pamamagitan ng tagapayo ng bawat klase.

Pagkatapos nito, itinala, tinaya, binigyang kahulugan at interpretasyon ang mga datos gamit ang mga angkop na estadistikang panukat. Ang pag-aaral ay isinagawa noong Enero hanggang Pebrero ng Taong Panuruan 2019-2020.

Paglalapad Estadistika ng mga Datos

Ang mga deskriptibo at inferential na estadistikang panukat kagaya ng Dalas ng Bilang o Frequency Count, Bahagdan o Percentage, Tamtaman o Mean, Standard Deviation, Weighted Mean, Pearson's Product-Moment Coefficient of Correlation (Pearson's r), Spearman's Rank Coefficient of Correlation (Spearman's ρ) at Fisher's t-Test ay ginamit sa pag-aaral na ito upang mabigyan ng kwantitatibong pag-aanalisa ang mga datos.

Dalas ng Bilang o Frequency Count. Ang dalas ng bilang o frequency count ay ang estadistikang ginamit sa pagtalakay ng mga datos personal ng mga mag-aaral at gurong tagasagot ayon sa dalas ng bilang. Ang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, at bilang ng salingkurang pagsasanay sa Filipino na dinaluhan ay ang mga datos personal na tinaya gamit ang estadistikang ito sa panig ng mga gurong tagasagot. Samantala, ang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, at hanapbuhay ng mga magulang ay ang mga datos

personal na tinaya gamit ang estadistikang ito sa panig ng mga gurong tagasagot.

Bahagdan o Percentage. Ang bahagdan ay ang estadistikang ginamit sa pagtalakay sa bigat ng bilang ng mga datos personal ng mga mag-aaral at gurong tagasagot ayon sa kabuuang bilang nito. Ang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo; bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, at bilang ng salingkurang pagsasanay sa Filipino na dinaluhan ay ang mga datos personal na tinaya gamit ang estadistikang ito sa panig ng mga gurong tagasagot. Samantala, ang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, at hanapbuhay ng mga magulang ay ang mga datos personal na tinaya gamit ang estadistikang ito sa panig ng mga gurong tagasagot.

Ang pormulang ginamit ay (Freud and Simon, 1992:35):

$$P = f/N \times 100$$

kung saan:

P = ang natasang bahagdan;

F = dalas ng bilang ng kategorya ng personal
na datos

N = kabuuang bilang ng tagasagot.

Mean. Ang estadistikang ito ay ginamit upang maibigay ang kwantitatibong paglalahad sa pangkalahatang gawi ng mga

datos tulad ng gulang, at kabuuang buwanang kita ng pamilya. Ang pormulang ginamit ay (Freud and Simon, 1992:35):

$$\mu = \frac{\sum X}{N}$$

Where:

$\bar{\mu}$ = ang natayang mean;

X = ang valyu ng nasumpungang varyabol; and

N = ang kabuuang bilang ng sampol.

Standard Deviation. Ginamit ang estadistikang ito upang matiyak ang dispersyon ng mga datos mula sa tamtaman tulad ng gulang, kabuuang buwanang kita ng pamilya at iba pa. Ang pormulang ginamit ay (Freud and Simon, 1992:52):

$$\sigma = \sqrt{\frac{1}{N} \sum_{i=1}^N (x_i - \mu)^2}$$

kung saan: σ ay ang natayang standard deviation;

$x_i - \mu^2$ ang squared deviation sa pagitan ng score ng categorical value at ang mean; at

N ay ang kabuuang bilang ng sampol.

Weighted Mean. Ang estadistikang ito ay ginamit sa pagtataya sa saloobin hinggil sa pagkatuto sa wikang Filipino ng mga mag-aaral, saloobin hinggil sa pagtuturo sa wikang Filipino ng mga gurong tagasagot, mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot, at mga estilo sa

pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot
(Freud at Simon, 1992:35):

$$\mu_w = \frac{\sum f_i W_i}{N}$$

kung saan: μ_w = ay ang natayang weighted mean;

f = ang dalas ng bilang ng nasumpungang
kategorya;

W = ang assigned weight ayon sa iskalang
Likert na limang puntos; at

N = ang kabuuang bilang ng sampol

Sa pagpapakahulugan ng valyu ng weighted mean ang
sumusunod ay ang patnubay na batayan:

4.50 - 5.00	Lubos na Sumasang-ayon (LSA)
	Napakadalas (N)
3.50 - 4.49	Sumasang-ayon (SA)
	Madalas (M)
2.50 - 3.49	Hindi Sigurado (HS)
	Minsan (Mi)
1.50 - 2.49	Hindi Sumasang-ayon (HSA)
	Bahagyang Nahihirapan (BN)
1.00 - 1.49	Lubos na Sumasang-ayon (LHSA)
	Hindi (H)

Pearson's Product-Moment Coefficient of Correlation.

Ginamit ang Pearson's r sa pagtukoy ng kaugnayan sa pagitan

ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang mga profayl baryet; sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang kanilang mga profayl baryet; at sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot (Freud and Simon, 1992:35):

$$r_{xy} = \frac{N\sum xy - (\sum x)(\sum y)}{\sqrt{[N\sum x^2 - (\sum x)^2][N\sum y^2 - (\sum y)^2]}}$$

Kung saan: r = the computed statistical value

x = the independent variables (factors)

y = the predicted variable

N = the number of cases

$\sum$ = the summation notation

Ang degri ng korelasyon ay binigyang interpretasyon gamit ang Talahanayan ng Degri ng Linear Relationship ng SRTC (2003:104) na makikita sa Talahanayan 2.

Spearman's Rank Coefficient of Correlation. Ginamit ang estadistikang ito upang tuusin ang kaugnayan sa pagitan ng mga baryet sa pag-aaral na ito.

Fisher's t-Test. Ginamit ang estadistikang ito upang masubok ang halaga ng nakuhang Pearson r gamit ang pormula ni Best at Khan (1998: 402-403):

$$t = r \sqrt{\frac{N - 2}{1 - r^2}}$$

Kung saan: t ay tumutukoy sa natuos na Fisher's t;
 r ay tumutukoy sa halaga ng Pearson r; at
 N ay tumutukoy sa bilang ng paired na sampol

Ang mga epotesis ay sinubok sa .05 antas ng halaga bilang batayan ng pagtanggap o pagtanggi. Sa pagtiyak kung ang epotesis ay tinanggap o tinanggihan ang sumusunod na decision rule ay ang ginawang batayan: tanggap ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga o ang p-valyu ay mas mataas kaysa .05 at tanggap ang epotesis kung ang natuos na halaga ay kaparehas o mas mataas pa kaysa kritikal na halaga o ang p-valyu ay kaparehas o mas mababa kaysa .05.

Talahanayan 2

Degri ng Linear Relationship

Coefficient of Linear Association	Interpretation
0	No linear association
$0 < p < +0.2$	Very weak linear association
$+0.2 \leq p < +0.4$	Weak linear association
$+0.4 \leq p < +0.6$	Moderate linear association
$+0.6 \leq p < +0.8$	Strong linear association
$+0.8 \leq p < +1.0$	Very strong linear association
+1.0	Perfect linear association

Kabanata 4

PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga nakalap na datos sa pag-aaral na may kalakip na pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga ito. Inilalahad sa kabanatang ito ang mga datos ayon sa sumusunod: profayl ng mga mag-aaral na tagasagot, profayl ng mga gurong tagasagot, estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot, kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang mga profayl baryet, estilo ng pag-aaral ng mga mag-aaral na tagasagot, kaugnayan sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang kanilang mga profayl baryet, kaugnayan sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at mahalagang implikasyon ang maaaring makuha batay sa kinalabasan ng pag-aaral.

Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Ang bahaging ito ay naghahayag ng profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sumusunod na mga baryet: gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang at saloobin sa pagkatuto sa wikang Filipino.

Gulang. Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng gulang at kasarian ng mga mag-aaral na tagasagot.

Makikita sa Talahanayan 3 ang pinakamatandang mag-aaral na tagasagot ay may gulang na 17 taon at ang pinakabata ay 11 taon gulang. Karamihan sa kanila ay may gulang na 12 taon na binubuo ng 113 o 59.48 bahagdan, 40 o 21.05 ay nasa ika 13 taon gulang, 20 o 10.53 bahagdan naman ay nasa 11 taon gulang at ang iba ay nababahagi sa iba pang gulang.

Ang tamtamang gulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa 12.37 taon gulang na may estandard na kaibahan na 1.02 taon.

Talahanayan 3

Gulang at Kasarian ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Gulang	Kasarian		Kabuuan	Bahagdan
	Lalaki	Babae		
17	0	2	2	1.05
16	0	2	2	1.05
15	3	3	6	3.16
14	4	3	7	3.68
13	19	21	40	21.05
12	42	71	113	59.48
11	9	11	20	10.53
Kabuuan	77	113	190	100.00
Bahagdan	40.50	49.50	100.00	
Tamtaman	12.37 taon gulang			
S.D.	1.02 taon			

Ang nasabing datos ay nagpapakita na halos magkakaedad lamang ang mga mag-aaral kung kaya inaasahan dito na ang lebel ng kanilang pagkatuto ay maaaring parepareho lang. Sa karagdagan, karamihan sa mga mag-aaral na tagasagot ay mga babae na binubuo ng 113 o 49.50 bahagdan. Ang mga lalaki ay binubuo ng 77 o 40.50 bahagdan lamang.

Dito napatunayan na mas nakararami ang mga babae kaysa sa mga lalaki na kalahok sa pag-aaral na ito. Napapatunayan din ito sa listahan ng mga mag-aaral kung saan ang mga babae ang mas marami kaysa sa mga lalaki nagpatala sa ikapitong baitang sa kasalukuyang taong panuruan.

Kabuuang Kita ng Pamilya. Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng kabuuang kita ng pamilya ng mga mag-aaral na tagasagot.

Mula sa naturang talahanayan ay mababatid na karamihan sa mga mag-aaral na tagasagot ay may buwanang kita na mababa sa Php 10,000.00, Ito ay binubuo ng 172 o 90.52 bahagdan. Ang ibang mga mag-aaral na tagasagot ay nababahagi sa iba pang buwanang kita.

Ang naturang datos ay nangangahulugan na ang pamilya ng mga mag-aaral na tagasagot ay may regular na buwanang kita subalit ito ay tamang-tama lamang ayon sa poverty threshold ng 2018 para sa Lalawigan ng Samar na ₱9,638 para sa isang pamilya na may limang miyembro.

Talahanayan 4

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Buwanang Kita	Bilang	Bahagdan
Php 100,000.00 at Pataas	3	1.58
Php 70,000.00-Php 99,999.00	0	0.00
Php 50,000.00-Php 69,999.00	0	0.00
Php 30,000.00-Php 49,999.00	1	0.53
Php 10,000.00-Php 29,999.00	14	7.37
Mababa sa Php 10,000.00	172	90.52
Kabuuan	190	100.00

Ibig sabihin nito na tama lamang na pantustos sa kanilang pangunahing pangangailangan subalit binigyang halaga ng mga magulang ang pag-aaral ng mga anak na ibig sabihin ay kinilala nila ang kahalagahan ng pag-aaral para sa matibay na kinabukasan ng kanilang mga anak.

Sanligang Edukasyon ng Magulang. Ang Talahanayan 5 ay nagpapahayag ng sanligang edukasyon ng mga magulang ng mag-aaral na tagasagot.

Sa talahanayan ay makikita na 71 o 37.37 bahagdan sa mga tatay ng mag-aaral na tagasagot ay nakapagtapos ng elementarya samantala ang 59 o 31.05 bahagdan ay umabot ng elementarya pero hindi nakapagtapos, 23 o 12.10 bahagdan ang umabot sa sekundarya pero hindi nakapagtapos at ang iba ay naibabahagi sa iba pang lebel ng edukasyon.

Talahanayan 5

Sanligang Edukasyon ng Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Lebel ng Edukasyon	Tatay		Nanay	
	Bilang	Bahagdan	Bilang	Bahagdan
Gradwado ng Gradwadong Pag-aaral	6	3.16	9	4.74
May Yunits sa Gradwadong Pag-aaral	1	0.53	1	0.53
Gradwado ng Kolehiyo	8	4.21	9	4.74
Umabot ng Kolehiyo pero Hindi Nakapagtapos	8	4.21	7	3.68
Nakapagtapos ng Sekundarya	14	7.37	25	13.15
Umabot ng Sekundarya pero Hindi Nakapagtapos	23	12.10	30	15.79
Nakapagtapos ng Elementarya	71	37.37	62	32.63
Umabot ng Elementarya pero Hindi Nakapagtapos	59	31.05	47	24.74
Kabuuan	190	100.00	190	100.00

Sa panig naman ng mga nanay ng mga mag-aaral na tagasagot, 62 o 32.63 bahagdan ang nakapagtapos ng elementarya, 47 o 24.74 bahagdan naman ang umabot ng elementarya pero hindi nakapagtapos, 30 o 15.79 bahagdan ang umabot ng sekundarya pero hindi nakapagtapos at 25 o 13.15 bahagdan ang nakapagtapos ng sekundarya. Ang natirang mga nanay ng mga mag-aaral na tagasagot ay naibabahagi sa ibang lebel ng edukasyon. Ang naturang datos ay nagpapakita na ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay pawang mga

literado na may kakayahang magsulat, magbasa at makaintindi ng simpleng mensahe. Bagamat mababa ang naabot nila sa pag-aaral, itinaguyod nila ang pag-aaral ng kanilang mga anak bilang patunay na kinilala nila ito na siyang landas tungo sa magandang kinabukasan. Nagpapakita rin ang datos na ang mga magulang ay may pagpapahalaga sa pag-aaral na kanilang ipinamana sa kanilang mga anak.

Hanapbuhay ng Magulang. Ang Talahanayan 6 ay nagsasaad ng hanapbuhay ng magulang ng mga mag-aaral na tagasagot.

Talahanayan 6

Hanapbuhay ng Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Hanapbuhay	Tatay		Nanay	
	Bilang	Bahagdan	Bilang	Bahagdan
Nagtatrabaho sa Pampublikong Opisina	12	6.32	7	3.68
Nagtatrabaho sa Pribadong Opisina	2	1.05	1	0.53
Nagtuturo sa Pampublikong Paaralan	0	0.00	5	2.63
Nagtuturo sa Pribadong Paaralan	0	0.00	1	0.53
May Sariling Negosyo (Self-Employed)	31	16.32	31	16.32
Naglilingkod sa Sandatahang Lakas (AFP)	6	3.16	0	0.00
Naglilingkod sa Sangay ng Kapulisan (PNP)	1	0.53	0	0.00
Nagtatrabaho bilang Manggagawa sa Labas ng Bansa	2	1.05	8	4.21
Nasa Bahay Lamang	62	32.63	137	72.10
Iba pa	74	38.94	0	0.00
Kabuuan	190	100.00	190	100.00

Mula sa nasabing talahanayan ay makikita na 31 o 16.32 bahagdan sa mga tatay ng mga mag-aaral na tagasagot ay may sariling negosyo at ang 74 o 38.94 bahagdan ay may magkaiba-ibang hanapbuhay na hindi tiniyak kung anong klase. Ang natitirang 62 o 32.63 bahagdan ay nasa bahay lamang. Sa mga nanay ng mga mag-aaral na tagasagot, 31 o 16.32 bahagdan ang may sariling negosyo. Ngunit karamihan sa mga nanay ay nasa bahay lamang na binubuo ng 137 o 72.10 bahagdan.

Batay sa mga datos, ang mga tatay ang siyang may pangunahing hanapbuhay na pinagkukunan ng pantustos sa mga gastusin ng pamilya. Subalit, karamihan sa mga nanay ay nasa bahay lamang na sang-ayon sa kaugalian ng Pamilyang Filipino na ang mga tatay ang siyang tumutugon sa mga pangangailangan ng pamilya at ang mga nanay ay ang tagapangalaga ng pamilya.

Saloobin sa Pagkatuto sa Wikang Filipino. Ang Talahanayan 7 ay nagpahayag ng saloobin sa pagkatuto sa wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot.

Mula sa Talahanayan 7 ay makikita na ang mga mag-aaral na tagasagot ay "sumang-ayon" sa siyam na mga pangungusap hinggil sa kanilang saloobin sa pagkatuto sa wikang Filipino batay sa mga kinalabasan ng tamtamang halaga na 4.03 hanggang 4.34. Subalit isa sa mga pangungusap hinggil sa saloobin sa pagkatuto sa wikang Filipino ang lubos na sinang-ayonan ng mga mag-aaral batay sa tamtaman na tinaya sa 4.50.

Talahanayan 7

Saloobin ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Pagkatuto sa Wikang Filipino

Saloobin	Tamtaman	Kahulu- gan
1. Nagbabasa ako ng lahat ng uri ng mga babasahing sinulat sa wikang Filipino upang paunlarin ang aking pagkatuto sa nasabing wika.	4.22	SA
2. Nalilining ang aking kakayahang pang-kaisipan sa pag-aaral ng wikang Filipino, lalo na sa pagbabasa sa iba't ibang akda na sinulat sa nasabing wika.	4.26	SA
3. Binibigyan ko ng malaking pagpapahalaga ang pagkatuto sa wikang Filipino, sa ortograpiya nito, sa mga alituntuning pang-wika na gabay nito, at sa iba pang mga sangkap na makatutulong sa mas mabuting pagkatuto.	4.33	SA
4. Naghahanda ako para sa lahat ng mga takdang aralin na ibinibigay ng aming guro sa Filipino kagaya ng mga sulating pormal at di-pormal at ginagawa ko ang lahat ng mga proyekto upang mas lalong matuto ng nasabing wika.	4.34	SA
5. Nagiging aktibo ako sa lahat ng mga gawaing ibinibigay sa akin sa loob ng klase na may kaugnayan sa wikang Filipino kagaya ng mga pasalitang pagsusulit kung saan maaaring mabigyan ng positibong puna ang gamit ko sa mga salitang Filipino at sa iba pang mga alituntunin hinggil dito.	4.14	SA
6. Pinahahalagahan ko ang lahat ng mga itinatuto ng aming guro sa Filipino kagaya ng mga ponema, grapema, diin, tuldik, pagbabaybay dahil ang lahat ng ito ay makapagbibigay ng ibayong kaalaman sa wikang Filipino.	4.31	SA
7. Sinisikap kong iangkop ang aking dating kaalaman hinggil sa wikang Filipino sa mga aralin sa kasalukuyang upang hindi mahuli sa mga pagbabagong pang-wika na nangyayari rin sa wikang Filipino.	4.03	SA
8. Inaalam ko rin ang mga nakapaloob sa gabay pangkurikulum sa Filipino para sa aking	4.19	SA

Karugtong ng Talahanayan 7

Saloobin	Tamtaman	Kahulugan
baitang upang mas lalong maintindihan ang mga kompetensi na dapat kong malaman para mas lalong mapaunlad ang aking pagkatuto sa nasabing wika.	4.19	SA
9. Naglalaan ako ng sapat na panahon upang mangalap at magsaliksik ng mga impormasyon hinggil sa wikang Filipino sa iba't ibang mga aklat sa loob ng pampaaralang aklatan.	3.86	SA
10. Isang malaking biyaya ang mabigyan ng pagkakataon na mas lalong mapaunlad ang pagkatuto sa wikang Filipino.	4.50	LSA
Pangkalahatang Tamtaman	4.22	
Kahulugan	Sumasang-ayon	
Pinagmulan:	4.50-5.00	Lubos na Sumasang-ayon (LSA)
	3.50-4.49	Sumasang-ayon (SA)
	2.50-3.49	Hindi Sigurado (HS)
	1.50-2.49	Hindi Sumasang-ayon (HSA)
	1.00-1.49	Lubon na Hindi Sumasang-ayon (LHSA)

Ang Bilang 10 ang saloobing nakakuha ng pinakamataas na tamtaman na tumutugma sa pangungusap na "Isang malaking biyaya ang mabigyan ng pagkakataon na mas lalong mapaunlad ang pagkatuto sa wikang Filipino" na may tamtamang 4.50, na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay lubos na sumasang-ayon. Ngunit ang Bilang 7 ang may pinakamababang tamtaman na tumutugma sa pangungusap na "Sinisikap kong iangkop ang aking dating kaalaman hinggil sa wikang Filipino sa mga aralin sa kasalukuyang upang hindi mahuli sa mga pagbabagong pang-wika

na nangyayari rin sa wikang Filipino” na may tamtaamang 4.03, na nangangahulugan sumasang-ayon ang mga mag-aaral.

Sa pangkalahatan, ang mga mag-aaral na tagasagot ay “sumang-ayon” din sa kanilang saloobin sa pagkatuto sa wikang Filipino. Ito ay pinagtibay sa pamamagitan ng pangkalahatang tamtaman na 4.22. Ibig sabihin nito na ang mga mag-aaral na tagasagot ay may mataas na saloobin at interes sa pagkatuto sa wikang Filipino.

Profayl ng mga Gurong Tagasagot

Ang bahaging ito ay naghahayag ng profayl ng mga gurong tagasagot ayon sa sumusunod na mga baryet: gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng salingkurang pagsasanay sa Filipino na dinaluhan at saloobin sa pagtuturo sa wikang Filipino.

Gulang. Ang Talahanayan 8 ay naghahayag ng gulang at kasarian ng mga gurong tagasagot.

Dito makikita na ang gulang ng mga gurong tagasagot ay nasa pagitan ng 22 hanggang 45 taon gulang kung saan dalawa sa kanila o 20.00 bahagdan ay 43 taon gulang. Ang tamtamang gulang ng mga gurong tagasagot ay tinaya sa 34.20 taon gulang na may istandard na kaibahan sa pagitan nila na 8.35 taon. Ito ay nagpahiwatig na ang mga gurong tagasagot ay mga bata pa at nasa kasagsagan ng kanilang karera bilang mga guro.

Sa pagpapatuloy, karamihan sa mga gurong tagasagot ay mga babae na binubuo ng siyam o 90.00 bahagdan.

Talahanayan 8

Gulang at Kasarian ng mga Gurong Tagasagot

Gulang	Kasarian		Kabuuan	Bahagdan
	Lalaki	Babae		
45	0	1	1	10.00
43	0	2	2	20.00
41	0	1	1	10.00
35	0	1	1	10.00
31	0	1	1	10.00
29	0	1	1	10.00
28	0	1	1	10.00
25	0	1	1	10.00
22	1	0	1	10.00
Kabuuan	1	9	10	100.00
Bahagdan	10.00	90.00	100.00	
Tamtaman	34.20 taon gulang			
S.D.	8.35 taon			

Ang datos na ito ay nagsasaad na karamihan sa mga kumuha ng kursong pang edukasyon ay mga babae.

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya. Ang Talahanayan 9 ay nagpapakita ng kabuuang buwanang kita ng pamilya.

Mula sa naturang talahanayan ay mababatid na kalahati o 50.00 bahagdan sa mga gurong tagasagot ay may kabuuang buwanang kita na Php 10,000.00-Php 29,999.00 samantala ang apat o 40.00 bahagdan ay kumikita ng Php 30,000.00-Php

49,999.00 at ang natitirang isa o 10.00 bahagdan ay may kita na Php 50,000.00-Php 69,999.00.

Talahanayan 9

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Gurong Tagasagot

Buwanang Kita	Bilang	Bahagdan
Php 50,000.00-Php 69,999.00	1	10.00
Php 30,000.00-Php 49,999.00	4	40.00
Php 10,000.00-Php 29,999.00	5	50.00
Kabuuan	10	100.00
Tamtaman	Php 31,999.50	
S.D.	Php 13,984.12	

Ang tamtamang buwanang kita ng pamilya ng mga gurong tagasagot ay tinaya sa Php 31,999.50 na may istandard na kaibahan sa kanilang pagitan na Php 13,984.12. Ito ay nangangahulugan na ang mga gurong tagasagot ay may sapat na buwanang kita at may kakayahang tustusan lahat ng mga pangangailangan ng pamilya dahil ang kanilang tamtamang kita ay mas higit pa sa poverty threshold ng 2018.

Mataas na Edukasyong Natamo. Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita ng mataas na edukasyong natamo ng mga gurong tagasagot. Makikita sa talahanayan na kalahati sa mga gurong tagasagot o 50.00 bahagdan ay may yunit sa gradwadong pag-aaral ngunit hindi nakapagtapos samantala ang apat o 40.00

bahagdan ay nakapagtapos ng gradwadong pag-aaral at ang isa o 10.00 bahagdan ay mga batsilyer sa edukasyon lamang.

Talahanayan 10

Mataas na Edukasyong Natamo ng mga Gurong Tagasagot

Lebel ng Edukasyon	Bilang	Bahagdan
Nakapagtapos ng Gradwadong Pag-aaral	4	40.00
May Yunits sa Gradwadong Pag-aaral ngunit hindi Nakapagtapos	5	50.00
Batsilyer sa Edukasyon Lamang	1	10.00
Kabuuan	10	100.00

Ang naturang datos ay nagpapatunay na ang mga gurong tagasagot ay pawang mga kwalipikado sa kasalukuyan nilang posisyon. Ito ay sapagkat sila ay may minimum na edukasyong kinakailangan para sa posisyong ito. Sa katunayan halos lahat sila ay nagpatuloy sa gradwadong pag-aaral bilang patunay na iniaangat nila ang kanilang husay sa pagtuturo.

Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino. Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita ng bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino ng mga gurong tagasagot.

Mula sa Talahanayan 11 ay makikita na karamihan sa mga gurong tagasagot ay nagtuturo ng Filipino ng mababa sa limang taon na binubuo ng walo o 80.00 bahagdan at dalawa o 20.00

bahagdan sa kanila ang anim na taon-10 taon nang nagtuturo sa Filipino.

Talahanayan 11

Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino ng mga Gurong Tagasagot

Bilang ng Taon	Bilang	Bahagdan
15 Taon-19 Taon	0	0.00
Anim na Taon-10 Taon	2	20.00
Mababa sa Limang Taon	8	80.00
Kabuuan	10	100.00

Ang datos na ito ay nagpapahiwatig na baguhan pa lamang ang mga gurong tagasagot sa pagtuturo ng Filipino. Subalit di matatawaran ang galing nila sa pagtuturo nito sapagka't pinanindigan nila ang kanilang pagkahirang para dito na napatunayan sa kanilang performans.

Bilang ng Salinkurang Pagsasanay sa Filipino. Ang Talahanayan 12 ay nagpahayag ng bilang ng salinkurang pagsasanay sa Filipino na dinaluhan ng mga gurong tagasagot.

Makikita sa Talahanayan 12 na tanging sa pansangay na lebel ng salingkurang pagsasanay sila nagkakaroon ng madalas na pagkakataong makadalo batay sa tamtamang tinaya sa 3.00. Sa nasyunal, panrehiyon, pampurok at pampaaralan na lebel ng salingkurang pagsasanay, ipinahiwatig ng mga gurong tagasagot na sila ay minsan lamang magkaroon ng pagkakataong makadalo

sa mga pagsasanay na ito batay sa kinalabasang tamtaman na tinaya sa 2.00.

Talahanayan 12

Bilang ng Salinkurang Pagsasanay sa Filipino na Dinaluhan ng mga Gurong Tagasagot

Lebel ng Pagsasanay	Tamtaman	S.D.
Nasyunal	2.00	Minsan
Panrehiyon	2.00	Minsan
Pansangay	3.00	Madalas
Pampurok	2.00	Minsan
Pampaaralan	2.00	Minsan
Kabuuan	2.00	Minsan
Pinagmulan:		
	3.50-4.00 Palagi (P)	
	2.50-3.49 Madalas (M)	
	1.50-2.49 Minsan (Mn)	
	1.00-1.49 Hindi (H)	

Sa kabuuan, ang mga gurong tagasagot ay minsan lamang mabigyan ng pagkakataong makadalo sa mga salinkurang pagsasanay sa Filipino batay sa tinayang tamtaman na 2.00. Ipinapahiwatig ng kinalabasan na ang mga guro ay hindi gaanong nabibigyan ng pagkakataong makadalo sa mga salinkurang pagsasanay na huhubog sa kanilang kagalingan sa pagtuturo sa wikang Filipino. Ang mga salinkurang pagsasanay na ito ay magbibigay sa mga guro ng karagdagang kasanayan sa pagtuturo ng wikang Filipino.

Saloobin sa Pagtuturo sa Wikang Filipino. Ang Talahanayan 13 ay nagpapakita ng saloobin ng mga gurong tagasagot sa pagtuturo sa wikang Filipino. May 10 saloobin na

kasangkot dito na sinang-ayunan o tinanggihan ng mga tagasagot.

Talahanayan 13

Saloobin ng mga Gurong Tagasagot sa Pagtuturo sa Wikang Filipino

Saloobin	Tamtaman	Kahulu- gan
1. Nasisiyahan ako sa pagtuturo ng wikang Filipino.	4.80	LSA
2. Nakukulangan ako sa oras na ginugugol ko sa pagtuturo ng wikang Filipino sa aking mga mag-aaral.	3.20	HS
3. Gusto kong matuto ng iba pang mga alituntunin hinggil sa wikang Filipino, mga panitikan nito, at iba pa upang maibahagi ko sa aking klase.	4.90	LSA
4. Nakalilito at mahirap intindihin ang ortograpiya ng wikang Filipino.	3.00	HS
5. Kawili-wili ang pagtuturo ng mga sulating pormal at di-pormal sa Filipino, ng mga akdang pampanitikan sa Filipino, ang iba't ibang mga aspeto ng pambansang wika na ito.	4.30	SA
6. Kawili-wiling basahin ang gabay pangkurikulum sa Filipino lalo na ang iba't ibang mga layunin sa pagtuturo nito at ang mga kaugnay na kompetensi na dapat matamo ng mga mag-aaral.	4.50	LSA
7. Nakatutulong ang pagtuturo ng wikang Filipino sa pagpapaunlad hindi lamang ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral kundi maging ng kanilang kultural literasi.	4.80	LSA
8. Gusto kong matuto ng mga iba pang akdang pampanitikan upang maikompara sa mga akdang pampanitikang Filipino upang mas lalong maengganyo ang mga mag-aaral na pag-aralan ang huli.	4.60	LSA
9. Nakagagaan ng loob ang pagtuturo ng wikang Filipino dahil nakakapagbigay ako ng maliit na kontribusyon sa pagpapalago ng wikang ito sa ating bansa.	3.90	SA

Karugtong ng Talahanayan 13

Saloobin	Tamtaman	Kahulugan
10. Isang malaking biyaya sa akin ang pagtuturo ng Filipino dahil naipapagpatuloy ko ang nasabing wika at napapanatiling buhay sa katauhan ng aking mga mag-aaral.	4.80	LSA
Pangkalahatang Tamtaman		4.28
Kahulugan	Sumasang-ayon	
Pinagmulan:		
4.50-5.00	Lubos na Sumasang-ayon	(LSA)
3.50-4.49	Sumasang-ayon	(SA)
2.50-3.49	Hindi Sigurado	(HS)
1.50-2.49	Hindi Sumasang-ayon	(HSA)
1.00-1.49	Lubon na Hindi Sumasang-ayon	(LHSA)

Makikita sa Talahanayan 13 na ang mga gurong tagasagot ay "lubos na sumang-ayon" sa anim saloobin na kasangkot dito. Ito ay tumutugma sa mga saloobing nagsasaad na: "gusto kong matuto ng iba pang mga alituntunin hinggil sa wikang Filipino, mga panitikan nito, at iba pa upang maibahagi ko sa aking klase," "nasisiyahan ako sa pagtuturo ng wikang Filipino," "nakatutulong ang pagtuturo ng wikang Filipino sa pagpapaunlad hindi lamang ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral kundi maging ng kanilang kultural literasi," "isang malaking biyaya sa akin ang pagtuturo ng Filipino dahil naipapagpatuloy ko ang nasabing wika at napapanatiling buhay sa katauhan ng aking mga mag-aaral" at "gusto kong matuto ng mga iba pang akdang pampanitikan upang maikompara sa mga akdang pampanitikang Filipino upang mas lalong maengganyo ang

mga mag-aaral na pag-aralan ang huli," "kawili-wiling basahin ang gabay pangkurikulum sa Filipino lalo na ang iba't ibang mga layunin sa pagtuturo nito at ang mga kaugnay na kompetensi na dapat matamo ng mga mag-aaral", na may tamtambang 4.90, 4.80, 4.80, 4.80, 4.60, at 4.50, ayon sa pagkakasunod-sunod.

Dalawang saloobin ang "sinang-ayunan" ng mga gurong tagasagot na may tamtambang 3.90 hanggang 4.30. Ang Bilang 5 ang nakakuha ng mataas na tamtaman na nagsasabi na, "kawili-wili ang pagtuturo ng mga sulating pormal at di-pormal sa Filipino, ng mga akdang pampanitikan sa Filipino, ang iba't ibang mga aspeto ng pambansang wika na ito". Ang natitirang dalawang saloobin ay "hindi sinang-ayunan" ng mga gurong tagasagot. Ito ay ang nagsasabi na: "nakukulangan ako sa oras na ginugugol ko sa pagtuturo ng wikang Filipino sa aking mga mag-aaral" at "nakalilito at mahirap intindihin ang ortograpiya ng wikang Filipino," na may tamtambang 3.20 at 3.00.

Sa pangkalahatan, ang mga gurong tagasagot ay "sumang-ayon" sa kanilang saloobin sa pagtuturo ng wikang Filipino. Ito ay pinatunayan sa pamamagitan ng pangkalahatang tamtaman na 4.28. Ipinapahiwatig ng kinalabasan na ang mga guro ay may positibong saloobin hinggil sa pagtuturo ng wikang Filipino na maaaring magbigay sa kanila ng mataas na kawilihan na maituro ng mahusay ang wikang Filipino sa mga mag-aaral.

Estilo sa Pagtuturo ng Wikang Filipino
ng mga Gurong Tagasagot

Ang bahaging ito ay naglalahad ng estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa mga sumusunod na indikasyon: gawaing pangbuong klase, gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at gawain ng mga maliliit na pangkat ng mga mag-aaral.

Gawaing Pangbuong Klase. Ang Talahanayan 14 ay nagpapakita ng estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa mga gawaing pang-buong klase. Ito ay may 11 indikasyon na tinasa ng mga gurong tagasagot.

Mula sa nasabing talahanayan ay mababatid na itinuring ng mga gurong tagasagot na "madalas" ang anim indikasyon na may tamtaming 3.80 hanggang 4.20. Ang bilang 7 at 5 ang nakakuha ng pinakamataas at pinakamababang tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod: "pisara" at "paskilan." Tatlo naman ang itinuring "minsan" lang na tumutugma sa "panonood ng video o pelikula," "overhead projector" at "padikta," na may pareparehong tamtaman na 3.20.

Sa pangkalahatan, ang mga gurong tagasagot ay "madalas" na gumagamit ng mga naitalang estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ayon sa mga gawaing pangbuong klase batay sa pangkalahatang tamtaman na 3.90. Ibig sabihin na ang mga gurong nagtuturo ng wikang Filipino ay madalas gumagamit ng mga gawaing pangbuong klase upang maituro ang wikang Filipino.

Talahanayan 14

Estilo sa Pagtuturo ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot ayon sa mga Gawaing Pang-buong Klase

Estilo sa Pagtuturo	Tamtaman	Kahulu- gan
1. Pagtalakay / Guro ang Nagsasalita	4.00	M
2. Tanong at sagot	4.50	N
3. Pagpapakitang turo	4.10	M
4. Panonood ng Video o pelikula	3.20	Mi
5. Paskilan	3.80	M
6. Overhead Projector	3.20	Mi
7. Pisara	4.20	M
8. Guro ang nagtatalakay sa klase	4.00	M
9. Malayang talakayan	4.60	N
10. Pagdalaw o Pagbisita	4.10	M
11. Padikta	3.20	Mi
Pangkalahatang Tamtaman	3.90	

	Kahulugan	Madalas
Pinagmulan:		
	4.50-5.00 Napakadalas	(N)
	3.50-4.49 Madalas	(M)
	2.50-3.49 Minsan	(Mi)
	1.50-2.49 Bahagyang Nahihirapan	(BN)
	1.00-1.49 Hindi	(H)

Gawaing Pang-Indibidwal na Mag-aaral. Ang Talahanayan 15 ay naghahayag ng estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa mga gawaing pang-indibidwal na mag-aaral.

Sa naturang talahanayan ay itinuring ng mga gurong tagasagot na “madalas” ang 23 na indekeytor na may tamtaman mula 3.50 hanggang 4.30. Apat sa mga ito ang pare-parehong nakakuha ng pinakamataas na tamtaman.

Talahanayan 15

Estilo sa Pagtuturo ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot ayon sa mga Gawaing Pang-Indibidwal na Mag-aaral

Estilo sa Pagtuturo	Tamtaman	Kahulu- gan
1. Pagsulat ng sanaysay o pormal na pangangatwiran	3.70	M
2. Papel o pagsusulit	4.30	M
3. Worksheet o iba pang isahang gawain	3.60	M
4. Sariling gawang hand-awt	3.50	M
5. Komersyal na isinasagawang hand-awt	3.30	Mi
6. Pambahay na gawain o pribadong pag-aaral	3.00	Mi
7. Isahang takdang-aralin	3.90	M
8. Pagpili ng takdang-aralin	3.60	M
9. Napagkaisahang gawain	3.80	M
10. Eksperimento o imbestigasyon o pagkasunod-sunod na paraan	3.40	Mi
11. Eksperimentong pagtuklas	3.10	Mi
12. Pirmihang pagsusulit	4.30	M
13. Lagumang pagsusulit	4.00	M
14. Mga pananaliksik sa silid-aklatan o pagkalap ng mga impormasyon	3.40	Mi
15. Pagtuon o pag-aaral sa isang kaso o case study	3.00	Mi
16. Pagtuturo o demonstration	4.30	M
17. Pagsagawa ng mga praktikal na gawain	4.10	M
18. Pagdalaw o pagbisita	3.50	M
19. Pakikipanayam, pagsagawa ng sarbey, at pagbigay ng mga talatanungan	3.50	M
20. Pansariling ebalwasyon at itinakdang target ng bawat isa	3.90	M
21. Panimulang pagtataya	4.10	M
22. Iisa-isang pagtuturo	3.70	M
23. Tanong at sagot	4.30	M
24. Pagbasa ng mga aklat o jurnal at iba pa	3.80	M
25. Pagkatuto gabay ang komputer	3.90	M
26. Paggamit ng prenosesong salita	3.80	M
27. Paggamit ng komputer sa ispredshet	3.60	M
28. Paggamit ng database	3.40	Mi
29. Paggamit ng Internet	4.00	M
30. Paggamit ng komputer sa grapiko	3.90	M
Pangkalahatang Tamtaman	3.72	

Karugtong ng Talahanayan 15

Estilo sa Pagtuturo		Tamtaman	Kahulugan
Kahulugan		Madalas	
Pinagmulan:	4.50-5.00	Napakadalas	(N)
	3.50-4.49	Madalas	(M)
	2.50-3.49	Minsan	(Mi)
	1.50-2.49	Bahagyang Nahihirapan	(BN)
	1.00-1.49	Hindi	(H)

Ito ay ang mga ayon sa sumusunod: "papel o pagsusulit," "pirmihang pagsusulit," "pagtuturo o demonstration" at "tanong at sagot." Samantala, tatlo naman ang pare-parehong nakakuha ng mababang tamtaman na tinaya sa 3.50. Ito ay ang: "sariling gawang hand-awt", "pagdalaw o pagbisita", at "pakikipanayam, pagsagawa ng sarbey, at pagbigay ng mga talatanungan".

Ang natirang pito na indekeytor ay itinuring ng mga gurong tagasagot na "minsan" lamang ginagamit sa pagtuturo ng wikang Filipino na may tamtaman na 3.00 hanggang 3.40. Tatlo sa mga ito ang nakakuha ng mataas na tamtaman. Ito ay ang "eksperimento o imbestigasyon o pagkasunod-sunod na paraan", "mga pananaliksik sa silid-aklatan o pagkalap ng mga impormasyon", at "paggamit ng database", at dalawa ang parehong nakakuha ng pinakamababang tamtaman na tinaya sa 3.00. Ito ay ang "pambahay na gawain o pribadong pag-aaral" at "pagtuon o pag-aaral sa isang kaso o case study."

Sa pangkalahatan, itinuring ng mga gurong tagasagot na “madalas” nilang gamitin sa pagtuturo sa wikang Filipino ang mga gawaing pang-indibidwal batay sa tamtaming tinaya sa 3.72. Ipinapahiwatig ng kinalabasan na ang mga guro ay may mataas na pagpapahalaga sa mga pang-indibidwal na gawain upang maituro ang wikang Filipino sa mga mag-aaral.

Gawain ng Maliliit na Pangkat ng Mag-aaral. Ang Talahanayan 16 ay nagpapakita ng estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral.

Talahanayan 16

Estilo sa Pagtuturo ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot ayon sa mga Gawain ng mga Maliliit na Pangkat ng mga Mag-aaral

Estilo sa Pagtuturo	Tamtaman	Kahulugan
1. Buzz na pangkat	3.80	M
2. Maliit na grupo sa talakayan	3.90	M
3. Maliit na pangkat sa pagsasatao	3.80	M
4. Malaking pangkat sa pagsasatao	3.90	M
5. Drama	3.50	M
6. Presentasyon sa pangkat ng mga mag-aaral	4.30	M
7. Isahang presentasyon ng mga mag-aaral	3.80	M
8. Pagtalakay sa pangunguna ng mag-aaral	3.70	M
9. Debate	3.70	M
10. Mga takda sa maliit na pangkat	2.70	Mi
11. Ginabayang pagtuklas o ano ang inyong teorya	3.80	M
12. Mga laro	3.80	M
13. Mga larong kard	3.30	Mi
14. Pag-aaral ng kaso	2.80	Mi
15. Praktikal	3.30	Mi
Pangkalahatang Tamtaman	3.61	

Karugtong ng Talahanayan 16

Estilo sa Pagtuturo		Tamtaman	Kahulugan
Kahulugan		Madalas	
Pinagmulan:	4.50-5.00 Napakadalas		(N)
	3.50-4.49 Madalas		(M)
	2.50-3.49 Minsan		(Mi)
	1.50-2.49 Bahagyang Nahihirapan		(BN)
	1.00-1.49 Hindi		(H)

Sa talahanayang ito, 11 ang itinuring na “madalas” na ginagawa ng mga gurong tagasagot sa pagtuturo ng wikang Filipino na may tamtamang halaga na 3.50 hanggang 4.30. Ang estilo na “drama” ang nakakuha ng mababang tamtaman. Ang apat indikaytor ay itinuring ng mga guro na “minsan” lamang nilang ginamit sa pagtuturo ng wikang Filipino lalo na sa gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral na may tamtamang 2.70 hanggang 3.30. Sa mga ito ang istilong nakakuha ng mataas at pinakamababang tamtaman ay tumutugma sa “larong kard” at “praktikal”, at “mga takda sa maliit na pangkat,” ayon sa pagkasunod-sunod.

Sa pangkalahatan, itinuring ng mga gurong tagasagot na ang estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ayon sa gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral ay “madalas” nilang gawin na may tamtamang 3.61 na nangangahulugang ang mga gurong tagasagot ay may mataas na hilig sa pagtuturo ng wikang Filipino gamit ang mga gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral.

**Kaugnayan sa Pagitan ng mga Estilo ng Pagtuturo
ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot
at ang Kanilang mga Profayl Baryet**

Ang bahaging ito ay naglalaman ng kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawaing pangbuong klase, gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral at ang kanilang mga profayl baryet.

Gawaing Pangbuong Klase. Ang Talahanayan 17 ay naglalahad ng kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawaing pang-buong klase at ang kanilang mga profayl baryet.

Gulang. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang gulang, ang natuos na halaga ay tinaya sa .107 na nagpapahiwatig ng isang napakahinang ugnayang linyar. Upang matiyak kung ang ugnayan ay makabuluhan, ang pagtatayang t ni Fisher ay ginamit kung saan ang natayang halaga ay 0.304 sa df na 8 na may halaga ng p na 0.768 sa α na .05.

Sa paghahambing ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mataas kaysa α , ang nakitang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay di-mahalaga. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot

at ang kanilang gulang," ay tinanggap. Ibig ipahiwatig dito na ang gulang ng mga gurong tagasagot ay walang kinalaman sa estilo ng kanilang pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pangbuong klase.

Kasarian. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang kasarian, ang natuos na rho ay tinaya sa .097 na nagpapakita ng isang napakahinang ugnayang linyar.

Talahanayan 17

Kaugnayan sa Pagitan ng mga Estilo ng Pagtuturo ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot ayon sa Gawaing Pangbuong Klase at ang Kanilang Profayl Baryet

Baryet	Ugnayang Linyar		Natuos na Halaga ng t	Halaga ng p @ .05	Ebalwasyon/ Desisyon
	Halaga	Degri			
Gulang	.107	Napaka-hina	0.304	0.768	DM / Tang-gapin ang Epotesis
Kasarian	.097	Napaka-hina	0.276	0.789	DM / Tang-gapin ang Epotesis
Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya	.313	Mahina	0.932	0.378	DM / Tang-gapin ang Epotesis
Mataas na Edukasyong Natamo	.015	Napaka-hina	0.042	0.967	DM / Tang-gapin ang Epotesis
Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Wikang Filipino	.633	Malakas	2.313	0.049	M / Tang-gihan ang Epotesis
Bilang ng Salingku-rang Pagsa-sanay na Dinaluhan	.495	Katamtaman	1.611	0.146	DM / Tang-gapin ang Epotesis
Saloobin sa Pagtuturo sa Wikang Filipino	.266	Katamtaman	0.780	0.458	DM / Tang-gapin ang Epotesis

Natuos na Halaga ng t = ± 2.306
df = 8

M - Mahalaga
DM - Di-Mahalaga

Upang matiyak kung ang ugnayan ay makabuluhan, ang pagtatayang t ni Fisher ay ginamit kung saan ang natayang halaga ay 0.276 sa df na 8 na may halaga ng p na 0.789 sa α na .05. Sa paghahambing ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mataas kaysa α , ang nakitang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay di-mahalaga. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang kasarian," ay tinanggap. Ibig ipahiwatig dito na ang kasarian ng mga gurong tagasagot ay walang kinalaman sa estilo ng kanilang pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pangbuong klase.

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang kabuuang buwanang kita ng pamilya, ang natuos na ρ ay tinaya sa .313 na nangangahulugan ng mahinang ugnayang linyar. Upang matiyak kung ang nasumpungang ugnayan ay makabuluhan ang pagtatayang t ni Fisher ay ginamit kung saan ang natayang halaga ay 0.932 sa df na 8 na may halaga ng p na 0.378 sa α na .05.

Sa paghahambing ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mataas kaysa α , ang nakitang ugnayan sa pagitan ng

dalawang baryabol ay di-mahalaga. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang kabuuang buwanang kita ng pamilya," ay tinanggap. Ibig ipahiwatig dito na ang kabuuag buwanang kita ng pamilya ng mga gurong tagasagot ay walang kinalaman sa estilo ng kanilang pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pang-buong klase.

Mataas na Edukasyong Natamo. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang mataas na edukasyong natamo, ang natuos na rho ay tinaya sa .015 na nagpapakita ng isang napakahinang ugnayang linyar. Upang matiyak kung ang nasumpungang ugnayan ay makabuluhan, ang pagtatayang t ni Fisher ay ginamit kung saan ang natayang halaga ay 0.042 sa df na 8 na may halaga ng p na 0.967 sa α na .05.

Sa paghahambing ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mataas kaysa α , ang nakitang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay di-mahalaga. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang mataas na edukasyong natamo," ay tinanggap. Ang kinalabasan ng mga datos ay nangangahulugang ang mataas

na edukasyong natamo ng mga gurong tagasagot ay walang kinalaman sa estilo ng kanilang pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pangbuong klase.

Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, ang natuos na rho ay tinaya sa .633 na nagpapahiwatig ng isang malakas na ugnayang linyar. Upang matiyak kung ang ugnayan ay makabuluhan, ang pagtatayang t ni Fisher ay ginamit kung saan ang natayang halaga ay 2.313 sa df na 8 na may halaga ng p na 0.049 sa α na .05.

Sa paghahambing ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mababa kaysa α , ang nakitang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay mahalaga. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino," ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig dito na ang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino ng mga gurong tagasagot ay may kinalaman sa estilo ng kanilang pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pangbuong klase. Kung kaya, ang mga gurong matagal nang nagtuturo sa Filipino ay mas madalas ang paggamit ng estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ayon sa gawaing

pangbuong klase kaysa sa mga gurong bago pa lamang nagturo ng naturang asignatura.

Bilang ng Salinkurang Pagsasanay sa Filipino na Dinaluhan. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang bilang ng salinkurang pagsasanay sa Filipino, ang natuos na rho ay tinaya sa .495 na nagpapahiwatig ng isang katamtamang ugnayang linyar. Upang matiyak kung ang ugnayan ay makabuluhan, ang pagtatayang t ni Fisher ay ginamit kung saan ang natayang halaga ay 1.611 sa df na 8 na may halaga ng p na 0.146 sa α na .05.

Sa paghahambing ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mataas kaysa α , ang nakitang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay di-mahalaga. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang bilang ng salinkurang pagsasanay," ay tinanggap. Ang ibig sabihin nito ay ang bilang ng dinaluhang salinkurang pagsasanay ng mga gurong tagasagot ay walang kinalaman sa estilo ng kanilang pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pangbuong klase.

Saloo bin sa Pagtuturo sa Wikang Filipino. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng

mga gurong tagasagot at ang kanilang saloobin sa pagtuturo sa wikang Filipino, ang natuos na rho ay tinaya sa .266 na nagpapahiwatig ng isang mahinang ugnayang linyar. Upang matiyak kung ang ugnayan ay makabuluhan, ang pagtatayang t ni Fisher ay ginamit kung saan ang natayang halaga ay 0.780 sa df na 8 na may halaga ng p na 0.458 sa α na .05.

Sa paghahambing ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mataas kaysa α , ang nakitang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay di-mahalaga. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot at ang kanilang saloobin sa pagtuturo sa wikang Filipino," ay tinanggap. Ibig ipahiwatig dito na ang saloobin sa pagtuturo sa wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ay walang kinalaman sa istilo ng kanilang pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pangbuong klase.

Sa paglagom, tanging ang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino ang may makabuluhang kaugnayan sa kanilang estilo ng pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pangbuong klase. Ipinapahiwatig nito na ang taong ginugol ng mga guro sa pagtuturo ay nakakaapekto sa kanilang paggamit ng mga estilong pangbuong klase upang maituro ng maayos ang wikang Filipino sa mga mag-aaral.

Gawaing Pang-indibidwal na Mag-aaral. Ang Talahanayan 18 ay naglalahad ng kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at ang kanilang mga profayl baryet.

Gulang. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at ang kanilang gulang, ang natuos na halaga ay tinaya sa .029 na nagpapahiwatig ng isang napakahinang ugnayang linyar. Upang matiyak kung ang ugnayan ay makabuluhan, ang pagtatayang t ni Fisher ay ginamit kung saan ang natayang halaga ay 0.082 sa df na 8 na may halaga ng p na 0.936 sa α na .05.

Sa paghahambing ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mataas kaysa α , ang nakitang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay di-mahalaga. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at ang kanilang gulang," ay tinanggap. Ibig ipahiwatig dito na ang gulang ng mga gurong tagasagot ay walang kinalaman sa estilo ng kanilang pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral.

Talahanayan 18

Kaugnayan sa Pagitan ng mga Estilo ng Pagtuturo ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot ayon sa Gawaing Pang-Indibidwal at ang Kanilang Profayl Baryet

Baryet	Ugnayang Linyar		Natuos na Halaga ng t	Halaga ng p @ .05	Ebalwasyon/ Desisyon
	Halaga	Degri			
Gulang	.029	Napaka-hina	0.082	0.936	DM / Tang-gapin ang Epotesis
Kasarian	.626	Katamtaman	2.271	0.050	M / Tang-gihan ang Epotesis
Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya	.690	Katamtaman	2.696	0.027	M / Tang-gihan ang Epotesis
Mataas na Edukasyong Natamo	.271	Mahina	0.796	0.449	DM / Tang-gapin ang Epotesis
Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Wikang Filipino	.157	Napaka-hina	0.450	0.664	DM / Tang-gapin ang Epotesis
Bilang ng Salingku-rang Pagsa-sanay na Dinaluhan	.338	Mahina	1.016	0.340	DM / Tang-gapin ang Epotesis
Saloobin sa Pagtuturo sa Wikang Filipino	.384	Mahina	1.176	0.274	DM / Tang-gapin ang Epotesis

Natuos na Halaga ng t = +2.306
df = 8

M - Mahalaga
DM - Di-Mahalaga

Kasarian. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot gawaing

pang-indibidwal na mag-aaral at ang kanilang kasarian, ang natuos na rho ay tinaya sa .626 na nagpapahiwatig ng isang katamtamang ugnayang linyar. Upang matiyak kung ang ugnayan ay makabuluhan, ang pagtatayang t ni Fisher ay ginamit kung saan ang natayang halaga ay 2.271 sa df na 8 na may halaga ng p na 0.050 sa α na .05.

Sa paghahambing ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas kapareho lang ng α , ang nakitang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay mahalaga. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at ang kanilang kasarian," ay hindi tinanggap. Ang ibig sabihin nito ay may kinalaman ang kasarian ng mga gurong tagasagot sa estilo ng kanilang pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral.

Ang natuos na ugnayan ay positibo, ito ay nagsasaad ng direktang proporsyonal na ugnayang linyar. Ibig sabihin nito na ang mga babaing guro na nagtuturo sa Filipino ay mas madalas ang paggamit nila ng estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral kaysa sa mga gurong lalake.

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at ang kanilang kabuuang buwanang kita ng pamilya, ang natuos na halaga ay tinaya sa .690 na nagpapakita ng isang katamtamang ugnayang linyar. Upang matiyak kung ang ugnayan ay makabuluhan, ang pagtatayang t ni Fisher ay ginamit kung saan ang natayang halaga ay 2.696 sa df na 8 na may halaga ng p na 0.027 sa α na .05.

Sa paghambing ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mababa kaysa α , ang nakitang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay mahalaga. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at ang kanilang kabuuang buwanang kita ng pamilya," ay hindi tinanggap. Ito ay nangangahulugang ang kabuuang buwanang kita ng pamilya ng mga gurong tagasagot ay may kinalaman sa estilo ng kanilang pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral.

Ang natuos na ugnayan ay positibo, ito ay nagsasaad ng direktang proporsyonal na ugnayang linyar. Ibig sabihin nito na ang mga guro na nagtuturo sa Filipino na may mataas na

buwanang kita ng pamilya ay mas madalas ang paggamit nila ng estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral kaysa sa mga gurong mahina ang buwanang kita ng pamilya.

Mataas na Edukasyong Natamo. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at ang kanilang mataas na edukasyong natamo, ang natuos na rho ay tinaya sa .271 na isang mahinang ugnayang linyar. Upang matiyak kung ang ugnayan ay makabuluhan, ang pagtatayang t ni Fisher ay ginamit kung saan ang natayang halaga ay 0.796 sa df na 8 na may halaga ng p na 0.449 sa α na .05.

Sa paghahambing ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mataas kaysa α , ang nakitang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay di-mahalaga. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at ang kanilang mataas na edukasyong natamo," ay tinanggap. Ibig sabihin nito na ang mataas na edukasyong natamo ng mga gurong tagasagot ay walang kinalaman sa estilo ng kanilang pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral. Kung kaya, ang paggamit ng estilong ito ay hindi nakasalalay sa

lebel ng kaalaman ng mga guro batay sa kanilang mataas na edukasyong natamo.

Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at ang kanilang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, ang natuos na rho ay tinaya sa .157 na isang napakahinang ugnayang linyar. Upang matiyak kung ang ugnayan ay makabuluhan, ang pagtatayang t ni Fisher ay ginamit kung saan ang natayang halaga ay 0.450 sa df na 8 na may halaga ng p na 0.664 sa α na .05.

Sa paghahambing ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mataas kaysa α , ang nakitang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay di-mahalaga. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at ang kanilang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino," ay tinanggap. Ang ibig ipahiwatig nito na ang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino ng mga gurong tagasagot ay walang kinalaman sa estilo ng kanilang pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral. Kung kaya ang paggamit ng estilong

ito ay hindi nakasalalay sa tagal ng taong ginugol ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino.

Bilang ng Salinkurang Pagsasanay sa Filipino na Dinaluhan. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa mga gawaing pang-indibidwal ng mag-aaral at ang kanilang bilang ng salinkurang pagsasanay sa Filipino na dinaluhan, ang natuos na ρ ay tinaya sa .338 na isang mahinang ugnayang linyar. Upang matiyak kung ang ugnayan ay makabuluhan, ang pagtatayang t ni Fisher ay ginamit kung saan ang natayang halaga ay 1.016 sa df na 8 na may halaga ng p na 0.340 sa α na .05.

Sa paghahambing ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mataas kaysa α , ang nakitang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay di-mahalaga. Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at ang kanilang bilang ng salinkurang pagsasanay sa Filipino na dinaluhan," ay tinanggap. Ipinahiwatig dito na ang bilang ng salinkurang pagsasanay sa Filipino na dinaluhan ng mga gurong tagasagot ay walang kinalaman sa estilo ng kanilang pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral. Kung

kaya ang paggamit ng estilong ito ng mga guro ay hindi nakasalalay sa kanilang pagkakataong makadalo sa mga salingkurang pagsasanay sa anumang lebel.

Saloobin sa Pagtuturo sa Wikang Filipino. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawaing pang-indibidwal ng mag-aaral at ang kanilang saloobin sa pagtuturo sa wikang Filipino, ang natuos na rho ay tinaya sa .384 na isang mahinang ugnayang linyar. Upang matiyak kung ang ugnayan ay makabuluhan, ang pagtatayang t ni Fisher ay ginamit kung saan ang natayang halaga ay 1.176 sa df na 8 na may halaga ng p na 0.274 sa α na .05. Sa paghahambing ay napatunayan na ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay mas mataas kaysa α , ang nakitang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay di-mahalaga.

Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at ang kanilang saloobin sa pagtuturo sa wikang Filipino," ay tinanggap. Ibig ipahiwatig nito na ang saloobin sa pagtuturo sa wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ay walang kinalaman sa estilo ng kanilang pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral. Kung kaya ang paggamit ng estilong ito ay hindi

nakasalalay sa mga saloobin ng mga guro hinggil sa pagtuturo sa wikang Filipino.

Sa paglagom, ang kasarian at ang kabuuang buwanang kita ng pamilya lamang ang may makabuluhang kaugnayan sa kanilang estilo ng pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral. Ipinapahiwatig nito na ang mga gawaing pang-indibidwal na mag-aaral ay ginagamit ng mga guro sa pagtuturo sa wikang Filipino. Subalit, ang kanilang kagalingan o kasanayan sa paggamit ng mga estilong ito ay nakasalalay sa kanilang kasarian at kabuuang buwanang kita.

Gawain ng Maliliit na Pangkat ng Mag-aaral. Ang Talahanayan 19 ay naglalahad ng kaugnayan sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral at ang kanilang mga profayl baryet.

Gulang. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral at ang kanilang gulang, ang natuos na halaga ay tinaya sa .008 na isang napakahinang ugnayang linyar. Upang matiyak kung ang ugnayan ay makabuluhan, ang pagtatayang t ni Fisher ay ginamit kung saan ang natayang halaga ay 0.023 sa df na 8 na may halaga ng p na 0.982 sa α na .05.

Talahanayan 19

Kaugnayan sa Pagitan ng mga Estilo ng Pagtuturo ng Wikang Filipino ng mga Gurong Tagasagot ayon sa Gawain ng Maliliit na Pangkat at ang Kanilang Profayl Baryet

Dahil dito, ang epotesis na nagsasaad na “walang mahalagang kaugnayan ang mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot,” ay tinanggihan. Ito ay nangangahulugang ang mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ay may kinalaman sa ang mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot.

Ang natuos na ugnayan ay positibo na nagsasaad ng direktang proporsyonal na ugnayang linyar. Ang ibig sabihin nito na ang mga gurong madalas gumamit ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino, ang paggamit din ng mga mag-aaral ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ay madalas din kaysa doon nasa ilalim sa pagtuturo ng mga gurong minsan lamang gumamit ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino.

Mahalagang Implikasyon ng Pag-aaral

Mula sa mga kinalabasan sa pag-aaral na ito, ang mga sumusunod ay ang mahalagang implikasyon:

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral ay nabatid na ang estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral ay nakadepende sa estilo ng pagtuturo ng mga guro sa wikang Filipino dapat himukin ang mga guro na palagiang gumamit nito para epektibong matuto ang mga mag-aaral.

Sa karagdagan, nabatid mula sa pag-aaral na kulang ng salinkurang pagsasanay ang mga gurong nagtuturo sa Filipino, dapat bigyan ng pagkakataon ng mga tagapamahala ng paaralan na madalas na makadalo upang sila ay mas mahasa sa paggawa ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino.

Sa panghuli, ang saloobin ng mga mag-aaral ay napatunayang may mahalagang kaugnayan sa estilo ng kanilang pag-aaral, dapat sila ay mapanatiling ang interes nila sa pagkatuto ng wikang Filipino sa pamamagitan ng mga pang-interbensiyong gawain upang mahasa sila dito sa pamamagitan ng gawaing pangbuong klase, gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral.

Kabanata 5

LAGOM NG KINALABASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng lagom ng kinalabasan sa pag-aaral na may kalakip na mga konklusyon hango sa kinalabasan at mga rekomendasyon ayon sa mga konklusyon na nahango.

Lagom ng Kinalabasan

Ang sumusunod ay ang mga pangunahing kinalabasan sa pag-aaral na ito batay sa ginawang pagtutuos sa mga datos ng pag-aaral:

1. Ang pinakamatandang mag-aaral na tagasagot ay may gulang na 17 taon at ang pinakabata ay 11 taon gulang at ang tamtamang gulang ay tinaya sa 12.37 taon gulang na may istandard na kaibahan na 1.02 taon. Karamihan sa mga mag-aaral na tagasagot ay mga babae na binubuo ng 113 o 49.50 bahagdan.

2. Karamihan o 172 o 90.52 bahagdan sa mga mag-aaral na tagasagot ay may buwanang kita na mababa sa Php 10,000.00.

3. Ang 71 o 37.37 bahagdan sa mga tatay ng mag-aaral na tagasagot ay nakapagtapos ng elementarya samantala 62 o 32.63 bahagdan naman sa mga nanay ng mga mag-aaral na tagasagot ang nakapagtapos ng elementarya.

4. Ang 31 o 16.32 bahagdan sa mga tatay ng mga mag-aaral na tagasagot ay may sariling negosyo at ang 31 o 16.32 bahagdan sa mga nanay ang may sariling negosyo.

5. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay "sumang-ayon" din sa kanilang saloobin sa pagkatuto sa wikang Filipino batay sa tamtaman na 4.22.

6. Ang mga gurong tagasagot ay nasa pagitan ng 22 hanggang 45 taon gulang kung saan ang tamtamang gulang ay tinaya sa 34.20 taon gulang na may istandard na kaibahan sa pagitan nila na 8.35 taon. Karamihan sa mga gurong tagasagot ay mga babae na binubuo ng siyam o 90.00 bahagdan.

7. Ang tamtamang buwanang kita ng pamilya ng mga gurong tagasagot ay tinaya sa Php 31,999.50 na may estandard na kaibahan sa kanilang pagitan na Php 13,984.12.

8. Kalahati sa mga gurong tagasagot o 50.00 bahagdan ay may yunit sa gradwadong pag-aaral ngunit hindi nakapagtapos.

9. Ang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino ng walo o 80 bahagdan na mga guro sa Filipino ay mababa sa limang taon.

10. Ang tamtamang bilang ng salinkurang pagsasanay na dinaluhan ng gurong tagasagot ay isa sa bawat lebel ng pagsasanay na nasyunal, panrehiyon, pansangay, pampurok at pampaaralan.

11. Ang mga gurong tagasagot ay "sumang-ayon" batay sa tamtaman na 4.28.

12. Ang istilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ay "madalas" nilang ginagamit ayon sa gawaing pangbuong klase, gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at gawain ng mga maliliit na pangkat ng mga mag-aaral.

13. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawaing pangbuong klase at ang kanilang mga profayl baryet, ang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino ay lumabas na mahalaga samantala ang gulang, kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng salingkurang pagsasanay sa Filipino na dinaluhan at saloobin sa pagtuturo sa wikang Filipino ay di-mahalaga.

14. Sa pag-uugnay pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at ang kanilang mga profayl baryet, ang kasarian at kabuuang buwanang kita ng pamilya lamang ang nasumpungang mahalaga, samantala ang ibang mga profayl baryet ay napatunayang di-mahalaga.

15. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo ng pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ayon sa gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral at ang kanilang mga profayl baryet, ang kabuuang buwanang kita ng pamilya, samantala, ang gulang, kasarian, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng salingkurang pagsasanay

sa Filipino na dinaluhan at saloobin sa pagtuturo sa wikang Filipino ay di-mahalaga.

16. Ang estilo ng pag-aaral ng mga mag-aaral na tagasagot ay madalas ayon sa gawaing pangbuong klase at minsan lang ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at gawain ng mga maliliit na pangkat ng mga mag-aaral.

17. Sa pag-uugnay sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa gawaing pangbuong klase at ang kanilang mga profayl baryet, ang saloobin sa pagkatuto sa wikang Filipino ang napatunayang mahalaga, samantala ang iba pang mga profayl baryet ay lumabas na di-mahalaga ayon sa gawaing pangbuong klase, gawaing pang-indibidwal at gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral.

18. Ang ugnayan sa pagitan ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga gurong tagasagot ay napatunayang mahalaga.

Mga Konklusyon

Ang mga sumusunod na konklusyon ay nahango mula sa mga kinalabasan ng pag-aaral:

1. Halos magkakaedad lamang ang mga mag-aaral kung kaya inaasahan dito na ang lebel ng kanilang pagkatuto ay maaaring pare-pareho lamang kung saan mas nakalalamang ang mga babae kaysa sa mga lalaki na nakilahok sa pag-aaral na ito.

2. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay kabilang sa mga pamilyang may regular na buwanang kita subalit ito ay sapat lamang ayon sa poverty threshold ng 2018 para sa Lalawigan ng Samar na ₱9,638 para sa isang pamilya na may limang miyembro. Kung kaya ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral na tagasagot at ang iba pang miyembro ng pamilya ay natutustusan subalit binigyang halaga ng mga magulang ang pag-aaral ng mga anak dahil ito ang landas nila para sa matibay na kinabukasan ng kanilang mga anak.

3. Ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay pawang mga literado na may kakayahang magsulat, magbasa at makaintindi ng simpleng mensahe.

4. Ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay may pangunahing hanapbuhay na siyang pinagkukunan ng buwanang kita na pangtustos sa mga gastusin ng pamilya. Kadalasang naghahapbuhay ay ang mga tatay bilang haligi ng pamilya at ang mga nanay ay simpleng maybahay na nag-aaruga sa bawat miyembro ng pamilya.

5. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay may positibong saloobin pagkatuto sa wikang Filipino.

6. Ang mga gurong tagasagot ay mga bata pa at nasa kasagsagan ng kanilang karera bilang mga guro sa pampublikong paaralan. Karamihan sa mga kumuha ng kursong edukasyon ay mga babae patunay na ang kursong ito ay naturingang pambabae.

7. Ang mga gurong tagasagot ay may sapat na buwanang kita na tustusan lahat ng mga pangangailangan ng pamilya dahil ang kanilang tamtamang kita ay mas higit pa sa poverty threshold ng 2018.

8. Ang mga gurong tagasagot ay pawang mga kwalipikado sa kasalukuyan nilang posisyon sapagkat sila ay may minimum na edukasyong kinakailangan para sa posisyong ito. Sa katunayan halos lahat sila ay nagpatuloy sa gradwadong pag-aaral bilang patunay na iniaangat nila ang kanilang husay sa pagtuturo.

9. Baguhan pa lamang ang mga gurong tagasagot sa pagtuturo ng Filipino. Subalit di matatawaran ang galing nila sa pagtuturo nito sapagkat pinanindigan nila ang kanilang pagkahirang para dito na napatunayan sa kanilang performans.

10. May iilan lamang sa kanila ang nabigyan ng pagkakataon na makadalo sa isang salinkurang pagsasanay. Ibig sabihin na may kakulangan sila sa pagsasanay sa makabagong daloy ng kurikulum ng Filipino.

11. Ang mga gurong tagasagot ay may mataas na hilig sa pagtuturo nito na pinagtitibay ng kanilang performans.

12. Ang mga gurong nagtuturo ng wikang Filipino ay madalas gumamit ng estilo sa pagtuturo lalong-lalo na sa gawaing pangbuong klase, gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at gawain na maliliit na pangkat ng mag-aaral upang sila ay matuto.

13. Sa mga profayl baryet ng mga gurong nagtuturo sa Filipino, ang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino lamang ang may makabuluhang kaugnayan sa kanilang estilo ng pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pang-buong klase.

14. Sa mga profayl baryet ng mga gurong nagtuturo sa Filipino, ang kasarian at ang kabuuang buwanang kita ng pamilya lamang ang may makabuluhang kaugnayan sa kanilang estilo ng pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawaing pang-indibidwal na mag-aaral.

15. Sa mga profayl baryet ng mga gurong nagtuturo sa Filipino, ang kabuuang buwanang kita ng pamilya lamang ang may makabuluhang kaugnayan sa kanilang estilo ng pagtuturo sa wikang Filipino ayon sa gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral.

16. Ang mga mag-aaral ay madalas gumamit ng estilo ng pag-aaral lalong lalo na sa gawaing pangbuong klase upang sila ay matuto. Subalit sila ay minsan lamang gumamit kung ito ay gawaing pang-indibidwal o gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral.

17. Sa mga profayl baryet ng mga mag-aaral na tagasagot, ang saloobin sa pagkatuto ng wikang Filipino lamang ang nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa estilo ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino ayon sa gawaing pangbuong

klase, gawaing pang-indibidwal at gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral.

18. Ang mga gurong madalas gumamit ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino, ang paggamit din ng mga mag-aaral ng mga estilo sa pag-aaral ng wikang Filipino ay madalas din kaysa doon na nasa ilalim sa pagtuturo ng mga gurong minsan lamang gumamit ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino.

Mga Rekomendasyon

Ang sumusunod ay ang mga tagubilin na ayon sa mga konklusyon na hango sa kinalabasan ng pag-aaral na ito:

1. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral ay nabatid na ang estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral ay nakadepende sa estilo ng pagtuturo ng mga guro sa wikang Filipino dapat himukin ang mga guro na palagiang gumamit nito para epektibong matuto ang mga mag-aaral.

2. Sa nabatid mula sa pag-aaral na kulang ng salinkurang pagsasanay ng mga gurong nagtuturo sa Filipino, dapat bigyan ng pagkakataon ng mga tagapamahala ng paaralan na madalas na makadalo sila upang sila ay mahasa pa lalo sa paggawa ng mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino.

3. Ang saloobin ng mga mag-aaral ay napatunayang may mahalagang kaugnayan sa estilo ng kanilang pag-aaral, dapat ay mapanatiling ang interes nila sa pagkatuto ng wikang

Filipino sa pamamagitan ng mga pang-interbensiyong gawain upang mahasa sila dito sa pamamagitan ng gawaing pang-buong klase, gawaing pang-indibidwal na mag-aaral at gawain ng maliliit na pangkat ng mag-aaral.

4. Isang panubaybay na pag-aaral ang maaaring isagawa upang mapagtibay ang kinalabasan sa pag-aaral sa ibang purok o sa ibang sangay.

TALASANGGUNIAN

A. MGA AKLAT

- Allen, T. & Reeson, C. **Active Participation: Ensuring Student Engagement**. Cambridge: Cambridge University Press, 2009.
- Ashworth, S. **Teaching Physical Education**. Boston: Benjamin Cummings, 1992.
- Dunn, R. & Dunn, K. **Teaching Secondary Students through their Individual Learning Styles**. Boston: Allyn and Bacon, 1993.
- Dyikuk, J.G. **The Basics of Educational Management**. Pankshin: Eureka Academic Foundation, 2015.
- Gardner, Howard. **Frames of Mind: The Theory of Multiple Intelligences**. Basic Books, 1983.
- Petty, Geoff. **A Practical Guide for Teaching Today**. Oxford University Press, 2014.
- Simon, Gary A. & Freund, John E. **Modern Elementary Statistics**. Prentice Hall, 1992.
- Tenedero, H. **Breaking the IQ Myth**. Manila: Henyo Publications, 1998.
- Williams, R. **Multiple Intelligences for Differentiated Learning**. Thousand Oaks, CA: Corwin, 2012.

B. MGA DYORNAL AT IBA PANG MATERYAL

- Acosta, I.C. & Acosta, A.S. "Teachers' Perceptions on Senior High School Readiness of Higher Education Institutions in the Philippines". **Universal Journal of Educational Research**, 4(10), 2016.
- Barberos, M.T., et al. "The Effect of the Teachers' Teaching Style on Students' Motivation". Action Research Presented to NYU Steinhardt, 2018.
- Baumrind, D. "Current Patterns of Parental Authority". **Developmental Psychology**, 4(1), 1997.
- Bennett, N. "Recent Research on Teaching: A Dream, a Belief, and a Model". **British Journal of Educational Psychology**, 48, 1978.

- Cherry, K. "Theories of Developmental Psychology: What is Socio-Cultural Theory?" **Very Well-Mind**, 2018.
- Concordia University-Portland. "Which is Best: Teacher-Centered or Student-Centered Education?" Concordia University-Portland, 2017.
- Cooper, P.A. "Paradigm Shifts in Design Instruction: From Behaviorism to Cognitivism to Constructivism". **Educational Technology**, 33(5), 1993.
- De Juan, G. "Mga Suliranin ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino". **Filipino Word Press**, 2013.
- Fernandez, R., et al. "Mga Salik sa Epektibong Pamamaraan ng Pagtuturo sa Asignaturang Filipino sa Mataas na Paaralan ng Palompon Institute of Technology". Isang Pang-Institusyong Pananaliksik, Palompon Institute of Technology, Palompon, Leyte, 2010.
- Forrest, S. "Learning and Teaching: The Reciprocal Link". **J Contin Educ**, 3(5), 2014.
- Fox, R. "Constructivism Examined". **Oxford Review of Education**, 27(1), 2001.
- Gabay Pang-Kurikulum sa K to 12 Kurikulum, 2012
- Geronimo, Jee Y. "Mga Guro, Maging Malikhain sa Pagtuturo ng Filipino". **Rappler News**. 2015.
- Gregorc, A.F. "Learning/Teaching Styles: Potent Forces behind them". **Educational Leadership**, 36(4), 2009.
- Guides, Nina Marie. "Iba't Ibang Estilo ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa SHS ng PMPS". (2018).
- Hunt, D.E. "Learning Style and the Interdependence of Practice and Theory". **Phi Delta Kappan**, 62(9), 2011.
- Munir, F. & Rehman, A.U. "Most Frequent Teaching Styles and Students' Learning Strategies in Public High Schools of Lahore, Pakistan". **Research Gate Publications**, 2016.
- Murphy, R.J., et al. "Student Learning Preferences and Teaching Implications". **Learn Skills Res Center**, 1(61), 2014.

Sarmiento, D.H. & Orale, R.L. "Senior High School Curriculum in the Philippines, USA, and Japan". **Journal of Academic Research**, 01:3, 2016.

Van Sciver, I. "Motherhood, Apple Pie, and Differentiated Instruction". **Phi Delta Kappan**, 86(7), 2010.

Waterhouse, L. "Inadequate Evidence for Multiple Intelligences, Mozart Effect, and Emotional Intelligence Theories". **Educational Psychologist**, 41(4), 2016.

World Bank. Assessing Basic Education Service Delivery in the Philippines, 2014.

C. MGA NALATHALA AT DI-NALATHALANG MATERYAL

Aguila, Sharon Rose D.R. "Pagsusuri sa mga Obra Maestrang Isinakomiks: Tungo sa Pagbuo ng Pamantayan sa Pagsusuri ng Pantulong na Kagamitan sa Antas Sekundarya". Di-Nalathalang Tesis, Polytechnic University of the Philippines, Lungsod ng Maynila, 2011.

Chang, Y.C. "Students' Perceptions of Teaching Styles and Use of Learning Strategies". Published Master's Thesis, University of Tennessee, 2010.

Chen, Y.D. "An Investigation of the Relationships between Teaching Style and Studies Achievement in Miaoli, Jianguo Junior High School". Published Master's Thesis, Hsuan Chuang University, Miaoli, Taiwan, 2009.

Cuadra, Cristy Marie O. "Pagdetermina ng mga Paraan ng Pagkatuto ng mga Piling Mag-aaral ng Unang Taon sa Kolehiyo sa Pamamagitan ng Sistemang VARK". Di-Nalathalang Tesis, Palawan State University, Lungsod ng Puerto Princesa, 2011.

Dela Cruz, Rosemabeth. "Mga Salik tungo sa Epektibong Pamamaraan ng Pagtuturo sa mga Estudyanteng Nag-aaral ng Batsilyer ng Edukasyong Pansekundarya sa Cavite State University". Di-Nalathalang Tesis, Lyceum University of the Philippines, Lungsod ng Batangas, 2016.

Galvez, Rosalyn. "Assessing the Learning Styles of Senior High School Students of La Consolacion University Philippines: Implications in the Teaching Learning Process". Unpublished Master's Thesis, La Consolacion University, Malolos City, Bulacan, 2017.

- Gorumba, Jennifer. "Mga Salik sa Epektibong Pamamaraan ng Pagtuturo sa Asignaturang Filipino sa Mataas na Paaralan ng Palompon Institute of Technology, Palompon, Leyte". Di-Nalathalang Tesis, Naval State University, Naval, Biliran, 2010.
- Llagas, Raymark D. "Preperensiya ng mga Mag-aaral mula sa Piling Pamantasan sa Kalakhang Maynila ukol sa Dulog na Historikal at/o Rehiyonal sa Pagtuturo ng Panitikang Pilipino: Isang Pag-aaral". Di-Nalathalang Tesis, Philippine Normal University, Lungsod ng Maynila, 2017.
- Lopez, Jethro A. "Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro at ang Aktibong Motibasyon ng mga Mag-aaral". Di-Nalathalang Tesis, Unibersidad ng Mindanao, Lungsod ng Digos, 2018.
- Lopez-Royo, Jean. "Mga Saloobin at Suliranin ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino sa Ateneo de Davao High School". Di-Nalathalang Tesis, Pamantasan ng Ateneo de Davao, 2010.
- Magulod, Gilbert C. Jr. "Learning Styles, Study Habits and Academic Performance of Filipino University Students in Applied Science Courses: Implications for Instruction". Unpublished Dissertation, Cagayan State University, Cagayan de Oro City, 2018.
- Mapatac, Gemma L. "Teaching Competence of Non-Education TVL Teachers in the Senior High Schools (SHS) in Samar Division: Basis for a Customized Training Program". Unpublished Dissertation, Samar State University, Catbalogan City, 2020.
- Okwori, R.O. et al. "Classroom Management Styles and Students' Performance in Basic Technology: A Study of Junior Secondary School in Bariga Metropolis, Lagos State, Nigeria". Published Dissertation, Lagos State, Nigeria, 2015.
- Peneyra, Ruel. "Ang Pagtuturo ng Filipino sa Batayang Edukasyon". Di-Nalathalang Tesis, Polytechnic University of the Philippines, Lungsod ng Maynila, 2012.

D. MGA ELEKTRONIKONG MATERİYAL

<https://amses.weebly.com>, Disyembre 17, 2019

<http://ph.geoview.info>, Enero 9, 2020

<http://tradisyunalatmodernongpagtuturo.blogspot.com>,
Disyembre 14, 2019.

<https://www.ceap.org.ph>, Marso 21, 2020

MGA APENDIKS

APENDIKS A

LIHAM PAHINTULOT SA PAGPAPATIBAY NG SULIRANIN

Samar College
Catbalogan City

Nobyembre 4, 2019

NIMFA T. TORREMORO, PhD

Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Mahal na Dekana:

Isang mapagpalang araw!

Magalang na ipinababatid ng nakalagda ang pagnanais na magsagawa ng isang panukalang tesis bilang pagtupad sa mga gawaing itinakda ng degrading, Master ng Edukasyon, medyor sa Filipino. Kaugnay nito, nais kong isumite ang sumusunod na mga paksa ng nais kong sulating panukalang tesis, na may partikular na interes sa unang paksa:

1. **ESTILO SA PAGTUTURO AT PAG-AARAL NG WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG**
2. BISA NG PAGGAMIT NG MGA INTERVENSYON SA PAGBASA SA PAGLINANG SA ANTAS NG KAKAYAHAN SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA SILANGA NATIONAL HIGH SCHOOL
3. BISA NG PAGGAMIT NG MGA INTERAKTIBONG PAMAMARAAN NG PAGTUTURO NG FILIPINO SA MGA MAG-AARAL SA ANTAS SEKUNDARYA

Kaugnay rin po nito, nais ko pong hingin ang inyong pahintulot na makapagsimula sa pagsulat ng aking pananaliksik. Ang inyong pahintulot ay aking lubos na kikilalanin at pasasalamatan. Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **RIZA N. JAKOALEM**
Mananaliksik

Pinagtibay:

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, PhD**

Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

APENDIKS B**LIHAM PAGTATAKDA NG TAGAPAYO**

Republic of the Philippines
Commission on Higher Education
Region VIII

SAMAR COLLEGES, INC.
COLLEGE OF GRADUATE STUDIES
City of Catbalogan

PANGALAN : RIZA N. JAKOSALEM

KURSO : Master sa Sining ng Edukasyon

MIDYUR : Filipino

PAMAGAT NG TESIS : **ESTILO SA PAGTUTURO AT PAG-AARAL
NG WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL
SA IKAPITONG BAITANG**

TAGAPAYO : CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD

(LGD.) **RIZA N. JAKOSALEM**
Pangalan ng Mananaliksik

Conforme:

(LGD.) **CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD**
Tagapayo

Pinagtibay:

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, PhD**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

APENDIKS C

TALATANUNGAN PARA SA MGA MAG-AARAL NA TAGASAGOT

Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Enero 31, 2020

Mahal na mga Tagasagot:

Isang mapagpalang araw po!

Ako po ay kasalukuyang nakatala bilang isang estudyante sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan. Kaugnay nito, ako po ay nagsasagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, **"ESTILO SA PAGTUTURO AT PAG-AARAL NG WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG"** bilang gawaing itinakda ng aking degri. Kaugnay pa din nito, ako po ay taos pusong humihingi ng inyong suporta sa pamamagitan ng pagbibigay pahintulot sa akin na kayo ay maging isa sa mga tagasagot sa pag-aaral na ito.

Makakaasa po kayong ang inyong mga pribadong impormasyon ay pakaiingatan at ang mga datos na makakalap mula sa talatanungang ito ay gagamitin sa pananaliksik lamang. Dagdag pa rito, ang kalalabasan ng pag-aaral na ito ay ibabahagi sa inyo upang magsilbing fidbak para sa pagpapabuti ng inyong pagtuturo at pagkatuto sa wikang Filipino.

Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **RIZA N. JAKOALEM**
Mananaliksik

TALATANUNGAN PARA SA MGA MAG-AARAL NA TAGASAGOT

UNANG BAHAGI. PROFAYL NG MGA MAG-AARAL NA TAGASAGOT

Panuto: Ang bahaging ito ay binubuo ng mga aytem hinggil sa inyong profayl. Kabilang sa mga ito ay ang mga katanungan hinggil sa inyong personal na mga katangian. Pakilagyan ang mga puwang ng tamang impormasyon o lagyan ng tsek ang mga puwang sa bawat aytem ng inyong tamang sagot.

Pangalan _____
(Opsyonal o Pwedeng hindi Sagutin)

1. Gulang _____ 2. Kasarian _____ Lalaki _____ Babae _____

3. Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya

- _____ Mababa sa Php 10,000.00
 _____ Php 10,000.00 - Php 29,999.00
 _____ Php 30,000.00 - Php 49,999.00
 _____ Php 50,000.00 - Php 69,999.00
 _____ Php 70,000.00 - Php 99,999.00
 _____ Php 100,000.00 at Pataas

4. Sanligang Edukasyon ng mga Magulang

Tatay		Nanay
_____ Nakapagtapos ng Elementarya		_____
_____ Umabot ng Elementarya pero Hindi Nakapagtapos		_____
_____ Nakapagtapos ng Sekundarya		_____
_____ Umabot ng Sekundarya pero Hindi Nakapagtapos		_____
_____ Gradwado ng Kolehiyo		_____
_____ Umabot ng Kolehiyo pero Hindi Nakapagtapos		_____
_____ Gradwado ng Gradwadong Pag-aaral		_____
_____ May Yunits sa Gradwadong Pag-aaral		_____

5. Hanapbuhay ng mga Magulang

Tatay		Nanay
_____ Nagtatrabaho sa Pampublikong Opisina		_____
_____ Nagtatrabaho sa Pribadong Opisina		_____
_____ Nagtuturo sa Pampublikong Paaralan		_____
_____ Nagtuturo sa Pribadong Paaralan		_____
_____ May Sariling Negosyo (Self-Employed)		_____
_____ Nagpapraktis ng Propesyon (Pagiging Doktor)		_____
_____ Naglilingkod sa Sandatahang Lakas (AFP)		_____
_____ Naglilingkod sa Sangay ng Kapulisan (PNP)		_____
_____ Nagtatrabaho bilang Manggagawa sa Labas ng Bansa		_____
_____ Nasa Bahay Lamang		_____
_____ Iba pa, pakilagay _____		

IKALAWANG BAHAGI. SALOOBIN HINGGIL SA PAGKATUTO NG WIKANG FILIPINO

PANUTO: Ang tseklist sa ibaba ay binubuo ng 10 pangungusap na sumasalamin sa inyong mga saloobin hinggil sa pagkatuto sa wikang Filipino. Pakilagyan ng tsek (/) ang kolum ng inyong sagot gamit bilang gabay ang limang puntong iskala sa ibaba:

5 - Lubos na Sumasang-ayon (LSA)

4 - Sumasang-ayon (SA)

3 - Hindi Sigurado (HS)

2 - Hindi Sumasang-ayon (HSA)

1 - Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHSA)

Mga Saloobin	LSA (5)	SA (4)	HS (3)	HSA (2)	LHSA (1)
11. Nagbabasa ako ng lahat ng uri ng mga babasahing sinulat sa wikang Filipino upang paunlarin ang aking pagkatuto sa nasabing wika.					
12. Nalililang ang aking kakayahang pang-kaisipan sa pag-aaral ng wikang Filipino, lalo na sa pagbabasa sa iba't ibang akda na sinulat sa nasabing wika.					
13. Binibigyan ko ng malaking pagpapahalaga ang pagkatuto sa wikang Filipino, sa ortograpiya nito, sa mga alituntuning pang-wika na gabay nito, at sa iba pang mga sangkap na makatutulong sa mas mabuting pagkatuto.					
14. Naghahanda ako para sa lahat ng mga takdang aralin na ibinibigay ng aming guro sa Filipino kagaya ng mga sulating pormal at di-pormal at ginagawa ko ang lahat ng mga proyekto upang mas lalong matuto ng nasabing wika.					
15. Nagiging aktibo ako sa lahat ng mga gawaing ibinibigay sa akin sa loob ng klase na may kaugnayan sa wikang Filipino kagaya ng mga pasalitang pagsusulit kung saan maaaring mabigyan ng positibong puna ang gamit ko sa mga salitang Filipino at sa iba pang mga alituntunin hinggil dito.					
16. Pinahahalagahan ko ang lahat ng mga itinuturo ng aming guro sa Filipino kagaya ng mga ponema, grapema, diin,					

tuldik, pagbabaybay dahil ang lahat ng ito ay makapagbibigay ng ibayong kaalaman sa wikang Filipino.					
17. Sinisikap kong iangkop ang aking dating kaalaman hinggil sa wikang Filipino sa mga aralin sa kasalukuyang upang hindi mahuli sa mga pagbabagong pang-wika na nangyayari rin sa wikang Filipino.					
18. Inaalam ko rin ang mga nakapaloob sa gabay pangkurikulum sa Filipino para sa aking baitang upang mas lalong maintindihan ang mga kompetensi na dapat kong malaman para mas lalong mapaunlad ang aking pagkatuto sa nasabing wika.					
19. Naglalaan ako ng sapat na panahon upang mangalap at magsaliksik ng mga impormasyon hinggil sa wikang Filipino sa iba't ibang mga aklat sa loob ng pampaaralang aklatan.					
20. Isang malaking biyaya ang mabigyan ng pagkakataon na mas lalong mapaunlad ang pagkatuto sa wikang Filipino.					

IKATLONG BAHAGI. ESTILO SA PAGKATUTO NG WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL NA TAGASAGOT

PANUTO: Ang tseklist sa ibaba ay binubuo ng mga pangungusap na sumasalamin sa inyong mga estilo sa pagkatuto ng wikang Filipino na hinati sa tatlong kategorya: ang kabuuang gawain ng klase, isahang gawain, at gawain ng maliit na pangkat. Pakilagyan ng iskor ang kolum ng inyong sagot na magpapahiwatig kung gaano mo kadalas gamitin ang mga sumusunod na paraan ng pagkatuto ng wikang Filipino. Gamitin bilang gabay ang iskor at ang karampatang interpretasyon sa bawat iskor:

- 5 - Napakamadalas (N)**
- 4 - Madalas (M)**
- 3 - Minsan (Mi)**

2 - Bahagyang Nahihirapan (BN)**1 - Hindi (H)**

Mga Estilo	Kasagutan				
	N	M	Mi	BN	H
A. KABUUANG GAWAIN NG KLAS					
1. Pagtalakay / Guro ang Nagsasalita					
2. Tanong at sagot					
3. Pagpapakitang turo					
4. Panonood ng Video o pelikula					
5. Paskilan					
6. Overhead Projector					
7. Pisara					
8. Guro ang nagtatalakay sa klase					
9. Malayang talakayan					
10. Pagdalaw o Pagbisita					
11. Padikta					
B. ISAHANG GAWAIN					
1. Pagsulat ng sanaysay o pormal na pangangatwiran					
2. Papel o pagsusulit					
3. Worksheet o iba pang isahang gawain					
4. Sariling gawang hand-awt					
5. Komersyal na isinasagawang hand-awt					
6. Pambahay na gawain o pribadong pag-aaral					
7. Isahang takdang-aralin					
8. Pagpili ng takdang-aralin					
9. Napagkaisahang gawain					
10. Eksperimento o imbestigasyon o pagkasunod-sunod na paraan					
11. Eksperimentong pagtuklas					
12. Pirmihang pagsusulit					
13. Lagumang pagsusulit					

14. Mga pananaliksik sa silid-aklatan o pagkalap ng mga impormasyon					
15. Pagtuon o pag-aaral sa isang kaso o case study					
16. Pagtuturo o demonstration					
17. Pagsagawa ng mga praktikal na gawain					
18. Pagdalaw o pagbisita					
19. Pakikipanayam, pagsagawa ng sarbey, at pagbigay ng mga talatanungan					
20. Pansariling ebalwasyon at itinakdang target ng bawat isa					
21. Panimulang pagtataya					
22. Iisa-isang pagtuturo					
23. Tanong at sagot					
24. Pagbasa ng mga aklat o jornal at iba pa					
25. Pagkatuto gabay ang komputer					
26. Paggamit ng prenosesong salita					
27. Paggamit ng komputer sa ispredshet					
28. Paggamit ng database					
29. Paggamit ng Internet					
30. Paggamit ng komputer sa grapiko					
C. GAWAIN NG MALIIT NA PANGKAT					
1. Buzz na pangkat					
2. Maliit na grupo sa talakayan					
3. Maliit na pangkat sa pagsasatao					
4. Malaking pangkat sa pagsasatao					
5. Drama					
6. Presentasyon sa pangkat ng mga mag-aaral					
7. Isahang presentasyon ng mga mag-aaral					

8. Pagtalakay sa pangunguna ng mag-aaral					
9. Debate					
10. Mga takda sa maliit na pangkat					
11. Ginabayang pagtuklas o ano ang inyong teorya					
12. Mga laro					
13. Mga larong kard					
14. Pag-aaral ng kaso					
15. Praktikal					

Maraming Salamat po!

APENDIKS D

TALATANUNGAN PARA SA GURONG TAGASAGOT

Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Enero 31, 2020

Mahal na mga Tagasagot:

Isang mapagpalang araw po!

Ako po ay kasalukuyang nakatala bilang isang estudyante sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan. Kaugnay nito, ako po ay nagsasagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, **"ESTILO SA PAGTUTURO AT PAG-AARAL NG WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG"** bilang gawaing itinakda ng aking degri. Kaugnay pa din nito, ako po ay taos pusong humihingi ng inyong suporta sa pamamagitan ng pagbibigay pahintulot sa akin na kayo ay maging isa sa mga tagasagot sa pag-aaral na ito.

Makakaasa po kayong ang inyong mga pribadong impormasyon ay pakaiingatan at ang mga datos na makakalap mula sa talatanungang ito ay gagamitin sa pananaliksik lamang. Dagdag pa rito, ang kalalabasan ng pag-aaral na ito ay ibabahagi sa inyo upang magsilbing fidbak para sa pagpapabuti ng inyong pagtuturo at pagkatuto sa wikang Filipino.

Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **RIZA N. JAKOALEM**
Mananaliksik

TALATANUNGAN PARA SA MGA GURO SA FILIPINO

UNANG BAHAGI. PROFAYL NG MGA GURONG TAGASAGOT

Panuto: Ang bahaging ito ay binubuo ng mga aytem hinggil sa inyong profayl. Kabilang sa mga ito ay ang mga katanungan hinggil sa inyong personal na mga katangian. Pakilagyan ang mga puwang ng tamang impormasyon o lagyan ng tsek ang mga puwang sa bawat aytem ng inyong tamang sagot.

Pangalan _____
(Opsyonal o Pwedeng hindi Sagutin)

1. Gulang _____ 2. Kasarian _____ Lalaki _____ Babae

3. Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya

- _____ Mababa sa Php 10,000.00
 _____ Php 10,000.00 - Php 29,999.00
 _____ Php 30,000.00 - Php 49,999.00
 _____ Php 50,000.00 - Php 69,999.00
 _____ Php 70,000.00 - Php 99,999.00
 _____ Php 100,000.00 at Pataas

4. Mataas na Edukasyong Natamo

- _____ Batsilyer sa Edukasyon Lamang
 _____ May Yunits sa Gradwadong Pag-aaral ngunit hindi
 Nakapagtapos
 _____ Nakapagtapos ng Gradwadong Pag-aaral

5. Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino

- _____ Mababa sa Limang Taon
 _____ Anim na Taon - 10 Taon
 _____ 15 Taon - 19 Taon
 _____ 20 Taon at Mahigit

6. Bilang ng Salingkurang Pagsasanay sa Filipino na Dinaluhan

Lebel ng Salingkurang Pagsasanay	Bilang ng mga Salingkurang Pagsasanay			
Pampaaralang Pagsasanay				
Pampurok na Pagsasanay				
Pansangay na Pagsasanay				
Rehiyunal na Pagsasanay				
Nasyunal na Pagsasanay				

IKALAWANG BAHAGI. SALOOBIN HINGGIL SA PAGTUTURO NG WIKANG FILIPINO

PANUTO: Ang tseklist sa ibaba ay binubuo ng 10 pangungusap na sumasalamin sa inyong mga saloobin hinggil sa pagtuturo sa wikang Filipino. Pakilagyan ng tsek (/) ang kolum ng inyong sagot gamit bilang gabay ang limang puntong iskala sa ibaba:

- 5 - Lubos na Sumasang-ayon (LSA)
 4 - Sumasang-ayon (SA)
 3 - Hindi Sigurado (HS)
 2 - Hindi Sumasang-ayon (HSA)

1 - Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHSA)

Mga Saloobin	LSA (5)	SA (4)	HS (3)	HSA (2)	LHSA (1)
11. Nasisiyahan ako sa pagtuturo ng wikang Filipino.					
12. Nakukulangan ako sa oras na ginugugol ko sa pagtuturo ng wikang Filipino sa aking mga mag-aaral.					
13. Gusto kong matuto ng iba pang mga alituntunin hinggil sa wikang Filipino, mga panitikan nito, at iba pa upang maibahagi ko sa aking klase.					
14. Nakalilito at mahirap intindihin ang ortograpiya ng wikang Filipino.					
15. Kawili-wili ang pagtuturo ng mga sulating pormal at di-pormal sa Filipino, ng mga akdang pampanitikan sa Filipino, ang iba't ibang mga aspeto ng pambansang wika na ito.					
16. Kawili-wiling basahin ang gabay pangkurikulum sa Filipino lalo na ang iba't ibang mga layunin sa pagtuturo nito at ang mga kaugnay na kompetensi na dapat matamo ng mga mag-aaral.					
17. Nakatutulong ang pagtuturo ng wikang Filipino sa pagpapaunlad hindi lamang ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral kundi maging ng kanilang kultural literasi.					
18. Gusto kong matuto ng mga iba pang akdang pampanitikan upang maikompara sa mga akdang pampanitikang Filipino upang mas lalong maengganyo ang mga mag-aaral na pag-aralan ang huli.					
19. Nakagagaan ng loob ang pagtuturo ng wikang Filipino					

dahil nakakapagbigay ako ng maliit na kontribusyon sa pagpapalago ng wikang ito sa ating bansa.					
20. Isang malaking biyaya sa akin ang pagtuturo ng Filipino dahil naipapagpatuloy ko ang nasabing wika at napapanatiling buhay sa katauhan ng aking mga mag-aaral.					

IKATLONG BAHAGI. ESTILO SA PAGTUTURO NG WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL NA TAGASAGOT

PANUTO: Ang tseklist sa ibaba ay binubuo ng mga pangungusap na sumasalamain sa inyong mga estilo sa pagtuturo ng wikang Filipino na hinati sa tatlong kategorya: ang kabuuang gawain ng klase, isahang gawain, at gawain ng maliit na pangkat. Pakilagyan ng iskor ang kolum ng inyong sagot na magpapahiwatig kung gaano mo kadalas gamitin ang mga sumusunod na paraan ng pagtuturo ng wikang Filipino. Gamitin bilang gabay ang iskor at ang karampatang interpretasyon sa bawat iskor:

- 5 - Napakamadalas (N)**
- 4 - Madalas (M)**
- 3 - Minsan (Mi)**
- 2 - Bahagyang Nahihirapan (BN)**
- 1 - Hindi (H)**

Mga Estilo	Kasagutan				
	N	M	Mi	BN	H
A. KABUUANG GAWAIN NG KLASSE					
12. Pagtalakay / Guro ang Nagsasalita					
13. Tanong at sagot					
14. Pagpapakitang turo					
15. Panonood ng Video o pelikula					
16. Paskilan					
17. Overhead Projector					
18. Pisara					
19. Guro ang nagtatalakay sa klase					
20. Malayang talakayan					
21. Pagdalaw o Pagbisita					
22. Padikta					

B. ISAHANG GAWAIN					
31. Pagsulat ng sanaysay o pormal na pangangatwiran					
32. Papel o pagsusulit					
33. Worksheet o iba pang isahang gawain					
34. Sariling gawang hand-awt					
35. Komersyal na isinasagawang hand-awt					
36. Pambahay na gawain o pribadong pag-aaral					
37. Isahang takdang-aralin					
38. Pagpili ng takdang-aralin					
39. Napagkaisahang gawain					
40. Eksperimento o imbestigasyon o pagkasunod-sunod na paraan					
41. Eksperimentong pagtuklas					
42. Pirmihang pagsusulit					
43. Lagumang pagsusulit					
44. Mga pananaliksik sa silid-aklatan o pagkalap ng mga impormasyon					
45. Pagtuon o pag-aaral sa isang kaso o case study					
46. Pagtuturo o demonstration					
47. Pagsagawa ng mga praktikal na gawain					
48. Pagdalaw o pagbisita					
49. Pakikipanayam, pagsagawa ng sarbey, at pagbigay ng mga talatanungan					
50. Pansariling ebalwasyon at itinakdang target ng bawat isa					
51. Panimulang pagtataya					
52. Iisa-isang pagtuturo					
53. Tanong at sagot					

54. Pagbasa ng mga aklat o jornal at iba pa					
55. Pagkatuto gabay ang komputer					
56. Paggamit ng prenosesong salita					
57. Paggamit ng komputer sa ispredshet					
58. Paggamit ng database					
59. Paggamit ng Internet					
60. Paggamit ng komputer sa grapiko					
C. GAWAIN NG MALIIT NA PANGKAT					
16. Buzz na pangkat					
17. Maliit na grupo sa talakayan					
18. Maliit na pangkat sa pagsasatao					
19. Malaking pangkat sa pagsasatao					
20. Drama					
21. Presentasyon sa pangkat ng mga mag-aaral					
22. Isahang presentasyon ng mga mag-aaral					
23. Pagtalakay sa pangunguna ng mag-aaral					
24. Debate					
25. Mga takda sa maliit na pangkat					
26. Ginabayang pagtuklas o ano ang inyong teorya					
27. Mga laro					
28. Mga larong kard					
29. Pag-aaral ng kaso					
30. Praktikal					

Maraming Salamat po!

APENDIKS E

LIHAM PAGHINGI NG PAHINTULOT MULA SA PANSANGAY NA TAGAPAGMASID NG SANGAY NG LUNGSOD NG CATBALOGAN

Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Enero 31, 2020

DR. CARMELA R. TAMAYO

OIC, Tanggapan ng Pansangay na Tagapamahala
Sangay ng Lungsod ng Catbalogan
Lungsod ng Catbalogan

Sa pamamagitan ni: **DR. MA. LINDA S. LEGARSE**

Senior Education Program Specialist for Planning and Research
School Governance and Operations Division (SGOD)

Madame:

Isang mapagpalang araw po!

Ako po ay isang estudyante sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan. Kaugnay nito, ako po ay nagsasagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, **"ANG ESTILO SA PAGTUTURO AT PAG-AARAL NG WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKA-PITONG BAITANG"** bilang gawaing itinakda ng aking degri. Taos puso po akong humuhingi ng pahintulot na maisagawa ang nasabing pag-aaral sa lahat ng mga gurong nagtuturo ng Filipino at sa 190 mag-aaral sa ikapitong baitang ng Silanga National High School pagkatapos ng kanilang mga klase mula Pebrero 10-14, 2020. Humihingi rin po ako ng pahintulot na maisagawa ang balidasyon ng aking talatanungan sa lahat ng mga gurong nagtuturo ng Filipino at sa ilang piling mag-aaral sa ikapitong baitang sa Pambansang Paaralan ng Samar, Lungsod ng Catbalogan, sa Pebrero 5, 2020.

Makakaasa po kayong ang mga pribadong impormasyon ng mga mag-aaral ay pakaiingatan at ang mga datos na makakalap mula sa talatanungan ay gagamitin sa pananaliksik lamang. Makakaasa rin po ang inyong tanggapan na isasagawa ng personal ang pamumudmod ng talatanungan upang masiguro ng mananaliksik na pumapayag ng kusa at hindi pinilit ang mga mag-aaral na bibigyan nito na sagutin ang mga katanungan. Dagdag pa rito, ang isang pinal na kopya ng pag-aaral na ito ay ibibigay sa inyong tanggapan upang magsilbing fidbak ng isinagawang pag-aaral. Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **RIZA N. JAKOALEM**
Mananaliksik

Nabatid:

(LGD.) **CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD**
Tagapayo

Mungkahing Pagpapatibay:

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, PhD**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

Pinagtibay:

(LGD.) **CARMELA R. TAMAYO, PhD**
OIC, Pansangay na Tagapanimahala

APENDIKS F

LIHAM PAGHINGI NG PAHINTULOT MULA SA PUNONG-GURO NG SILANGA NATIONAL HIGH SCHOOL

Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Enero 31, 2020

G. RHUM BERNATE

Punongguro, Silanga National High School
Sangay ng Lungsod ng Catbalogan
Lungsod ng Catbalogan

Sir:

Isang mapagpalang araw po!

Ako po ay isang estudyante sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan. Kaugnay nito, ako po ay nagsasagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "**ANG ESTILO SA PAGTUTURO AT PAG-AARAL NG WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKA-PITONG BAITANG**" bilang gawaing itinakda ng aking degri. Taos puso po akong humuhingi ng pahintulot na maisagawa ang nasabing pag-aaral sa lahat ng mga gurong nagtuturo ng Filipino at sa 190 mag-aaral sa ikapitong baitang ng Silanga National High School pagkatapos ng kanilang mga klase mula Pebrero 10-14, 2020.

Makakaasa po kayong ang mga pribadong impormasyon ng mga mag-aaral ay pakaiingatan at ang mga datos na makakalap mula sa talatanungan ay gagamitin sa pananaliksik lamang. Makakaasa rin po ang inyong tanggapan na isasagawa ng personal ang pamumudmod ng talatanungan upang masiguro ng mananaliksik na pumapayag ng kusa at hindi pinilit ang mga mag-aaral na bibigyan nito na sagutin ang mga katanungan. Dagdag pa rito, ang isang pinal na kopya ng pag-aaral na ito ay ibibigay sa inyong tanggapan upang magsilbing fidbak ng isinagawang pag-aaral. Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **RIZA N. JAKOALEM**
Mananaliksik

Nabatid:

(LGD.) **CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD**
Tagapayo

Mungkahing Pagpapatibay:

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, PhD**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

Pinagtibay:

(LGD.) **RHUM BERNATE**
Punong-Guro, Silanga National High School

